

**INTEGRASYON NG TEKNOLOHIYA SA PATUTURO SA FILIPINO: BATAYAN
SA PAGGAWA NG MGA SULATING PANSANAY NG MGA MAG-AARAL**

Isang Tesis

Iniharap sa

Kaguruan ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

SAMAR COLLEGES, INC.

Lungsod ng Catbalogan

Bilang Bahagi ng mga

Gawaing Itinakda para sa Kursong

MASTER SA SINING NG EDUKASYON

(Filipino)

PRUDENCIA D. PAUSAL

Mayo 2024

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang pananaliksik na ito na pinamagatang **"INTEGRASYON NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO SA FILIPINO: BATAYAN SA PAGGAWA NG MGA SULATING PANSANAY NG MGA MAG-AARAL"**, na ginawa at isinumite ni **PRUDENCIA D. PAUSAL** ay inirerekomenda sa isang pasalitang pagsusulit.


CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD
 Komisyoner, Komisyon sa Wikang Filipino
 Tagapayo

Pinagtibay ng Komite ng Pasalitang Pagsusulit noong **Mayo 6, 2024** na may markang **PASADO**.


NIMFA T. TORREMORO, PhD
 Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
 Tagapangulo


GUILLERMO D. LAGBO, DPA
 Director, Institutional Research and Extension
 Samar College
 Miyembro


ROSARIO E. RESMA, MAEd
 Guro, Pambansang Paaralan ng Samar
 Miyembro


ALLAN L. DACLES, MAEd
 Guro, Pambansang Paaralan ng Motiong, Sangay ng Samar
 Miyembro

Tinanggap bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degrading **MASTER SA SINING NG EDUKASYON**, midyur sa Filipino


NIMFA T. TORREMORO, PhD
 Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Petsa ng Pasalitang Pagsusuri
Mayo 2024

PAGKILALA

Ang Panginoon ay may iba't ibang instrumento upang maisakatuparan ang ating mga pangarap, kung kaya naman ang mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa mga taong tumulong sa pag-aaral na ito.

Sa hindi matatawarang pagbibigay halaga at pagkilala sa mga instrumento ng Panginoon upang mabuo ang pag-aaral na ito, sa kanilang mga panahon, kasanayan at kakayahan, talento at talino, supurta at sakripisyo.

Kay Dr. Carmelita C. Abdurahman, Komisyoner, KWF at isang Propesor sa Paaralang Gradwado, Samar Colleges Inc., Lungsod ng Catbalogan, bilang tagapayo ng mananaliksik at sa kanyang puspusang pamamatnubay at supurta.

Kay Dr. Nimfa T. Torremoro, Dekana ng Paaralang Graduwado, Samar Colleges Inc., Lungsod ng Catbalogan bilang Tagapangulo ng Lupon ng Pagsusulit; Kasama ang mga miyembro na sina Dr. Allan L. Dacles at Bb. Rosario E. Resma, at G. Jerick C. Cuevas sa kani-kanilang konstruktibong mga puna at Komento.

Kay Dr. Guillermo D. Lagbo, Research Director ng Samar Colleges Inc. sa hindi matawarang talento at kasanayan sa larangan ng Stadistika.

Sa aking butihing asawa na si Danilo Sevilla Pausal at mga mapagmahal na anak na sina Prince Danzel Diaz Pausal at Phil Drexie Diaz Pausal.

At higit sa lahat ang Panginoong Maykapal na Siyang May-likha ng lahat Upang maisakatuparan ang lahat ng ito.

P.D.P.

PAGHAHANDOG

Ang pag-aaral na ito ay inihahandog sa mga

mag-aaral sa ikalawang baitang ng distrito ng zumarraga, sangay ng samar.

sa mga guro sa filipino ng distrito ng zumarraga,
sangay ng samar.

sa mga taong taos-pusong tumulong para maisakatuparan ang isa sa mga pangarap ko na
makapagtapos sa graduwadong pag-aaral.

at sa makapangyaring panginoon, ito'y handog ko sa kanya sa lahat ng biyaya, buhay at sa
lahat ng natatamasa ko, ito ay wala kung wala ang ating diyos.

Prudence

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tayain ang integrasyon ng teknolohiya sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Ikalawang Baitang sa mga baybaying paaralan ng Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, sa Taong Panuruan 2023-2024, bilang batayan sa paggawa ng mga sulating pansanay ng mga mag-aaral. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang dalawang grupo ng tagasagot ay pareho ang pagtataya sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino. Sila ay may kahandaan. Sa paghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ang pagtataya ay mahalaga.

Ang median na iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino ay tinasa sa 86 na may MAD na tatlong puntos. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ang kanilang pananaw sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, ito ay mahalaga ayon sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng

pagsusulat sa Filipino.

Keywords: Integrasyon, teknolohiya, pagsulat, Filipino, ikalawang baitang

TALAAN NG MGA NILALAMAN

	Pahina
DAHONG PAMAGAT	i
DAHON NG PAGPAPATIBAY	ii
PAGKILALA	iii
PAGHAHANDOG	iv
ABSTRAK	v
TALAAN NG MGA NILALAMAN	viii
TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN	xi
TALAAN NG MGA FIGURA	xiv
 Kabanata	
1 ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO	1
Panimula	1
Paglalahad ng Suliranin	7
Mga Ipotesis	10
Batayang Teyoretikal	11
Batayang Konseptwal	16
Kahalagahan ng Pag-aaral	20
Saklaw at Delimitasyon	23
Katuturan ng mga Talakay	25
2 PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL	31
Kaugnay na mga Literatura	31
Kaugnay na mga Pag-aaral	39
3 METODOLOHIYA	50

Disenyo ng Pananaliksik	50
Lokal ng Pag-aaral	52
Instrumentasyon	54
Balidasyon ng Instrumento	57
Paraang Sampling	58
Paglikom ng mga Datos	60
Paglalatap Estadistika ng mga Datos	61
4 PAGLALAHAD,PAGSUSURI,AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS	68
Profayl ng mga Gurong Tagasagot	68
Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot	76
Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino batay sa Paggamit ng mga Makabagong Pamamaraan	82
Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag- aaral na Tagasagot sa Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino	86
Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino at ang Profayl ng mga Tagasagot	88
Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar	96
Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag- aaral na Tagasagot Hinggil sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar	104
Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Tagasagot sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng	

Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar at ang Kanilang Profayl	106
Antas ng Kakayahang sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino	114
Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Kakayahang sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino at ng Piling Baryabol	115
5 LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON	123
Lagom ng Kinalabasan	123
Mga Konklusyon	127
Mga Rekomendasyon	132
6 INTERBENSYONG PROGRAMA	133
TALASANGGUNIAN	142
MGA APENDIKS	151
A Pagpapatibay ng Suliranin	152
B Pagtatakda ng Tagapayo	153
C Talatanungan para sa mga Guro	154
D Talatanungan para sa mga Mag-aaral	161
E Pagsusulit sa Pagsusulat sa Filipino	168
F Rubriks na Gagamitin sa Pagtataya sa Antas ng Kakayahang sa Pagsusulat ng Filipino	169
KURIKULUM VITA	170

TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN

Talahanayan	Pahina
1 Rubrics sa Pagtataya sa Antas ng Kakayahan sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot	57
2 Ang mga Mag-aaral na Tagasagot sa bawat Paaralang Elementarya	59
3 Degri ng Linear Relationship	66
4 Gulang at Kasarian ng mga Gurong Tagasagot	69
5 Kabuuang Buwang Kita ng Pamilya ng mga Gurong Tagasagot	70
6 Mataas na Edukasyon na Natamo ng mga Gurong Tagasagot	71
7 Bilang ng Taon sa Pagtuturo sa Filipino ng mga Gurong Tagasagot	71
8 Salingkurang Pagsasanay sa Filipino ng mga Gurong Tagasagot	72
9 Salingkurang Pagsasanay sa ICT ng mga Gurong Tagasagot	73
10 Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon ng mga Gurong Tagasagot	74
11 Pangteknolohiyang Gamit sa Pagtuturo ng mga Gurong Tagasagot	75
12 Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral Tagasagot	76
13 Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot	77
14 Sanligang Edukasyon ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot	77
15 Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot	78
16 Mga Kagamitang Pansulat sa Bahay ng mga Mag-aaral na Tagasagot	79

17	Mga Gadget na Ginagamit sa Bahay ng mga Mag-aaral na Tagasagot	80
18	Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon ng mga Gurong Tagasagot	80
19	Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino Batay sa Paggamit ng mga Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino	83
20	Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino Batay sa Pagpapaunlad ng Tradisyunal na Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino	85
21	Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot sa Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino	87
22	Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Guro sa Antas ng Kanilang Kahandaan sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino at ang Kanilang Profayl	89
23	Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino at ang Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot	93
24	Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon Pamununo	97
25	Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon Kurikulum	99
26	Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon Imprastruktura	101
27	Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon Kapaligiran	103

28	Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot Hinggil sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar	105
29	Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar at ang Profayl ng mga Gurong Tagasagot . . .	107
30	Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot sa Antas Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar at ang Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot	112
31	Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino	115
32	Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino at ang Kanilang Profayl . . .	116
33	Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino at ang Kanilang Pananaw sa Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino	120
34	Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino at ang Kanilang Pananaw sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar	122

TALAAN NG MGA FIGURA

Figura		Pahina
1	Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral	18
2	Ang Mapa ng Lokal ng Pag-aaral	53

Kabanata 1

ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

Panimula

Ang mabilis na pag-unlad ng Information and Communication Technology (ICT) ay naging daan sa pagbabago sa istruktura ng pagtuturo sa makabagong panahon. Ang integrasyon ng ICT sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay inaasahang magpapa-unlad sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa kakayahan ng mga guro sa pagtataya sa kognitibong pag-unlad. Ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ay malaking tulong sa paglinang sa mga mag-aaral bilang mga aktibong kalahok sa pag-aaral. Subalit, ang integrasyon ng ICT sa pagtuturo at pagkatuto ay maaaring mayroong mga limitasyon lalo na sa kaangkupan nito sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral. Kung kaya, kailangan ang masusing pananaliksik upang malaman ang maaaring pakinabang ng integrasyon ng ICT sa paglinang sa antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ay isang paraan upang paunlarin ang kurikulum at baguhin ang papel na ginagampanan ng mga guro at mga mag-aaral sa klasrum. Binabago nito ang papel ng mga guro bilang mga tagapagturo na may monopolyo ng kaalaman sa klasrum bilang isang tagapayo at tagahikayat sa mga mag-aaral. Sa pananaw ng mga mag-aaral, ang paggamit ng teknolohiya sa makabuluhan sa kanilang edukasyon lalo na kung ito ay may direktang kinalaman sa mga asignaturang kanilang pinag-aaralan o kung ito ay may katuturan sa mga kompetensiyang nais na maabot. Ang integrasyon ng

teknolohiya sa edukasyon ay pagtutulungan ng mga proseso at kagamitang panteknolohiya tungo sa pag-unlad na mga pangangailangan ng mga mag-aaral at mga guro sa edukasyon (Qurat-ul-Ain et al., 2019).

Ang teknolohiya ay binubuo ng mga ICT na kagamitan kabilang ang mga programa, sistema, at mga oportunidad na makasagap ng internet na maaaring magamit sa pagtuturo at pagkatuto. Ang mga teknolohiyang karaniwang ginagamit ay ang PowerPoint, Internet, at web-based na mga aplikasyon, tablets, iPads, o mga mobile devises, sosyal midya, virtual classrooms, at game-based applications na gamit sa pagtuturo. Ang mga kagamitang panteknolohiya ay ginagamit sa edukasyon bilang pagpapayaman sa mga nakagawiang instruksiyonal materyal sa klasrum, pagpapaayos ng paglilipat ng instruksyon sa mga mag-aaral mula sa mga guro, at pagtataya ng pang-akademikong performans ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, ang mga guro ay gumagamit ng teknolohiya upang paunlarin ang pagtuturo ng nilalaman ng kurikulum (Nueva, 2019).

Subalit, ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay hindi madali at puno ng mga hamon dahil sa limitadong polisiya ng pamahalaan para sa pagpapatupad at kakulangan sa suportang pedagolohiya sa mga guro. Ang pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan ay nakabatay sa komplikadong katangian ng teknolohiyang gagamitin at sa kawilihan ng mga kawani ng paaralan na matutunan ang mga teknolohiya. Ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay nakakaranas ng hindi pagkakapantay-pantay sa paggamit o integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto. Ang sitwasyong ito ay dulot ng mga suliranin sa hindi pantay na pribilehiyo at

kakayahan ng mga paaralan dahil sa kakulangan ng imprastruktura sa teknolohiya at ang kakaibang pangangailangan ng mga guro at mag-aaral na gagamit ng mga teknolohiya (Aldonate & Nussbaum, 2013).

Sa aspeto ng paggamit sa teknolohiya, ang mga pampublikong paaralan ay nakakaranas ng mababang uri ng imprastruktura para sa ICT. Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ay nagpatupad ng iba't ibang programa upang matugunan ang suliraning ito. Sa pamamagitan ng DepEd Order Number 78, Series of 2010, ang DepEd Computerization Program (DCP) ay ipinatupad bilang isa sa mga programang naglalayong gamitin ang teknolohiya sa pagtuturo sa pamamagitan ng pamimigay ng mga computer packages sa lahat ng mga paaralan sa DepEd. Sa karagdagan, ang DepEd Order Number 46, Series of 2011 ay nagpanukala sa DepEd Internet Connectivity Project (DICP) na isa ring programa na nagpapatunay ng kahalagahan ng internet sa edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng internet access sa lahat ng mga pampublikong sekundaryang edukasyon (DepEd, 2011).

Nagpanukala rin ang DepEd ng Digital Rise Program noong panahon ng COVID-19 sa Taong Panuruan 2020-2021 bilang pagtugon sa paglipat mula sa tradisyunal na pagtuturong face-to-face patungo sa distant learning. Ito ay isang batayang susuporta sa pagsasaayos at pagpapalago ng imprastruktura ng teknolohiya at software, at paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral at mga guro sa teknolohiya. Ito ay binubuo ng digital na literasi sa paggamit ng Word processing, spreadsheets, at PowerPoint presentations para sa Baitang 4 hanggang Baitang 6; ICT-assisted na pagtuturo, kung saan ang layunin ng mga guro ay magbigay ng mga kagamitan, nilalaman ng bawat asignatura na nasa

software, at mga kasanayan para sa pang-araw-araw na pagtuturo sa klase; at ICT-assisted na pagkatuto kung saan ang mga guro ay bibigyan ng angkop na pribilehiyo sa pamamagitan ng Learning Management System (DLMS) at synchronous blended learning (DepEd, 2022).

Subalit, sa kabila ng mga nabanggit na programa hinggil sa pagtataguyod ng DepEd sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto, sinabi ng Organization for Economic Co-Operation and Development na 86.1 bahagdan at 53.9 bahagdan ng mga pampublikong paaralan ang mayroong access sa mga computers at Internet para sa paggamit bilang pedagohiya. Sa karagdagan, ang mga paaralan sa Pilipinas ay may pinakamahinang imprastruktura sa ICT kumpara sa ibang mga bansa sa Asya kagaya ng Tsina. Ang karaniwang dahilan ng mahinang ICT sa bansa ay ang mga sosyo-ekonomikong hindi pagkakapantay-pantay ng mga paaralan at mga mag-aaral sa bansa. May kakulangan din sa kakayahan ng mga gurong gumamit ng teknolohiya sa pagtuturo dahil sa kawalan ng mga pagsasanay na may kaugnayan dito. Kakaunti lamang ang mga gurong binibigyan ng pagsasanay hinggil sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa paggamit ng teknolohiya dahil mayroon lamang isang bahagdan sa mga paaralang primarya at limang bahagdan sa mga paaralang sekundarya (OECD, 2019).

Samantala, lehitimo at nakakabahala ang kakulangan ng kasanayan sa paggamit ng mga teknolohiya sa pagtuturo na nararanasan ng mga guro, lalo na sa pagitan ng mga guro sa mga paaralang nasa urban na lugar at mga paaralang nasa rural na komunidad. Ang mga guro sa mga urban na komunidad ay mas mahusay sa paggamit ng mga teknolohiya dahil sa mas mataas na

teknikal na kakayahan kaysa sa mga guro sa mga rural na komunidad na maaaring nag-uumpisa pa lamang matuto sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo. Ito ang tinatawag na differentiated practice of technology-integration na maaaring kaakibat ng kakulangan ng kompetensi sa ICT ng mga guro na maaaring magdulot ng puwang sa pagkatuto sa mga makrong kasanayan sa wika ng mga mag-aaral sa mga paaralan lalo na ang mga nasa rural na komunidad (Kaarakainen et al., 2017).

Ang kasanayan sa pagsulat ay isa sa mga mahahalagang kasanayan sa wika. Ito ay isa sa mga kasanayang nagpapaunlad sa komunikasyon at higit na nagbibigay liwanag sa iba pang mga kasanayang pang-wika. Ang kasanayang ito ay saksi sa pag-usad ng mga kagamitang gamit sa paglinang nito. Ang mga unang panahon ay gumamit ng manu-manong pagsusulat ng mga manuskrito ang ilang manunulat kagaya ng mga ginawa ng mga Sumerian sa mga unang kabihasnan. Sa panahon ngayon, gumagamit na rin ng makabagong teknolohiya ang mga manunulat kagaya ng computer. Kung kaya, ito ay patunay na makabuluhan ang teknolohiya sa kasanayan sa pagsusulat. Kaugnay nito, maaaring linangin ang kasanayan sa pagsusulat gamit ang mga kagamitang paneknolohiya sa pamamagitan ng integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo kagaya ng paggamit ng computer at mga aplikasyon sa internet (Victoria, 2023).

Ang imprastrukturang panteknolohiya ng DepEd, Sangay ng Samar, ay mayroong mga kagamitang panteknolohiya kabilang 3,779 na functional desktop or virtual terminals, 656 laptops, 3,450 personal computers or tables sa kabuuang 7,885 na mga kagamitang panteknolohiya na maaaring magamit sa instruksyon ng 35 distrito batay sa isinagawang sarbey ng mga ICT coordinators

ng Sangay ng Samar noong Abril 30, 2020. Sa aspeto ng internet, mayroong 164 na paaralan ang may internet connectivity, at mayroong 4,114 na mga guro na may ICT literasi at 1,639 na mga guro na may mga salingkurang pagsasanay sa ICT na isinagawa ng DepEd. Sa kabila ng pagkakaroon ng nagagamit na ICT na imprastruktura at literasi ng mga guro, ang isinagawang sarbey ay nagpakita ng mahinang internet connectivity at pangangailangan sa pag-unlad ng kasanayang panteknolohiya ng mga guro bilang pangunahing balakid sa pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon sa lahat ng mga pampublikong paaralang primarya lalo na sa mga paaralang malayo sa sentro ng pamayanan, kagaya ng mga paaralang nasa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, na karaniwang nasa mga isla o baybaying bahagi ng Isla ng Samar (DepEd, Division of Samar, 2020).

Ito ang naging matibay na dahilan ng mananaliksik sa pagsagawa ng pag-aaral na ito na naglayong alamin ang maaaring kaugnayan sa pagitan ng integrasyon ng teknolohiya at paglinang ng kakayahan sa pagsulat ng Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang sa mga baybaying paaralan ng Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar. Walang gaanong estadistikang magpapakita ng kaugnayang ito dahil walang gaanong tuon sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa antas primarya dahil sa pag-aalis ng mga sulating pormal at di-pormal. Subalit, batay sa mga paunang obserbasyon sa mga klase ng mga kapwa guro sa ikalawang baitang ng mananaliksik, napag-alamang tanging telebisyon ang karaniwang nasa klasrum ng mga guro at ang paggamit ng internet at computer ay hindi gaanong nagagamit lalo na sa mga panahong mayroong matagalang pagkawala ng kuryente sa ilang mga bahagi ng distrito. Sa pagpapatupad ng

makabagong kautusan ng kalihim ng DepEd para sa Matatag na Edukasyon na kailangan baklasin ang ibang istruktura ng klasrum, mas nangibabaw ang kawilihan ng mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito upang alamin ang maaaring maging kahandaan at kakayahan ng mga gurong gumamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng kakayahan sa pagsulat ng Filipino ng mga mag-aaral.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tayain ang integrasyon ng teknolohiya sa paglinang ng kakayahan sa pagtuturo sa Filipino ng mga mag-aaral sa Ikalawang Baitang sa mga baybaying paaralan ng Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, sa Taong Panuruan 2023-2024, bilang batayan sa paggawa ng mga sulating pansanay ng mga mag-aaral.

Sa katiyakan, sasagutin sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa mga sumusunod na baryet:

- 1.1 gulang at kasarian;
- 1.2 kabuuang buwanang kita ng pamilya;
- 1.3 mataas na edukasyong natamo;
- 1.4 bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino;
- 1.5 bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino;
- 1.6 bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT;
- 1.7 saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon; at
- 1.8 panteknolohiyang gamit sa pagtuturo?

2. Ano ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa mga sumusunod na baryet:

2.1 gulang at kasarian;

2.2 kabuuang buwanang kita ng mga magulang;

2.3 sanligang edukasyon ng mga magulang;

2.4 hanapbuhay ng mga magulang;

2.5 mga kagamitang pansulat sa bahay;

2.6 mga gadyet na ginagamit sa bahay; at

2.7 saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon?

3. Ano ang pananaw ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino batay sa mga sumusunod na aspeto:

3.1 paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino; at

3.2 pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino?

4. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa dalawang aspetong nabanggit?

5. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa dalawang aspetong nabanggit at ang sumusunod na mga baryet:

5.1 profayl ng mga gurong tagasagot; at

5.2 profayl ng mga mag-aaral na tagasagot?

6. Ano ang pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa mga sumusunod na aspeto:

6.1 pamununo;

6.2 kurikulum;

6.3 imprastruktura; at

6.4 kapaligiran?

7. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa apat na aspetong nabanggit?

8. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa apat na aspetong nabanggit at ang sumusunod na mga baryet:

8.1 profayl ng mga gurong tagasagot; at

8.2 profayl ng mga mag-aaral na tagasagot?

9. Ano ang antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino?

10. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang

sumusunod na mga baryet:

10.1 profayl ng mga mag-aaral na tagasagot;

10.2 pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino; at

10.3 pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar?

11. Anong mahalagang programang interbensiyon ang maaaring malinang mula sa pag-aaral na ito?

Mga Ipoteses

Tinaya sa pag-aaral na ito ang sumusunod na mga ipoteses:

1. Walang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa dalawang aspetong nabanggit.

2. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa dalawang aspetong nabanggit at ang sumusunod na mga baryet:

2.1 profayl ng mga gurong tagasagot; at

2.2 profayl ng mga mag-aaral na tagasagot.

3. Walang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng

teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa apat na aspetong nabanggit.

4. Walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa apat na aspetong nabanggit at ang sumusunod na mga baryet:

4.1 profayl ng mga gurong tagasagot; at

4.2 profayl ng mga mag-aaral na tagasagot.

5. Mayroon bang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang sumusunod na mga baryet:

5.1 profayl ng mga mag-aaral na tagasagot;

5.2 pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino; at

5.3 pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar.

Batayang Teyoretikal

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa integrasyon ng teknolohiya sa paglinang ng kakayahan sa pagtuturo ng Filipino ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, apat na mahahalagang teorya ang naging batayan ng pag-aaral. Ang mga teoryang ito ay ang Technological Pedagogical Content Knowledge (TPACK) Theory nina Koehler at Mishra, Experiential Learning Theory ni Dewey,

Conditions of Learning Theory ni Gagne, at Technology Acceptance Theory ni Davis.

Ang Technological Pedagogical Content Knowledge (TPACK) Theory nina Koehler at Mishra ay isa sa mga teoryang batayan ng pag-aaral na ito. Ayon sa teoryang ito, kung ano ang itinuturo ng mga guro at ang pedagohiyang kanilang ginagamit ay nakakaapekto sa nilalaman ng aralin ng isang asignatura. Ang TPACK ay nahahati sa tatlong mahahalagang aspeto na kailangan ng isang guro upang makapagturo ng nilalaman na may matibay na pundasyon para sa integrasyon ng teknolonohiya sa edukasyon. Ang tatlong aspetong ito ay ang kaalamang teknikal (TK), ang kaalamang pedagohikal (PK), at ang kaalamang pang-nilalaman (CK). Ang tatlong ito ay mahalaga dahil ang pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya ay nangangailangang mailapat ang nilalaman ng isang aralin sa kaangkupan ng teknolohiyang gagamitin upang malinang ang kaalaman ng mga mag-aaral (Kurt, 2018).

Sa konteksto ng TPACK, ang mga guro ay dapat mayroong kaalaman na piliin at gamitin ang lahat ng mga kagamitang may kinalaman sa pagpapatupad ng kurikulum kabilang ang mga mayayaman sa teknolohiya. Dapat maging maalam ang mga guro na ang pagpili at paggamit ng mga kagamitang ito sa klasrum ay nangangailangan ng kaalaman ng mga makabuluhang materyal, kaalaman sa mga katangian ng mga makabuluhang materyal na ito, at kaalaman kung paano ito epektibong gamitin sa klasrum. Sa katiyakan, ang mga guro ay dapat maalam sa mga hardware at software na maaaring gamitin upang maunawaan nila ang mga tiyak na aspeto ng kurikulum na maaaring gamitan nito. Sa karagdagan, ang kaalaman ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya

sa pagtuturo at pagkatuto ay kailangan upang matukoy nila ang kalidad at kakayahang mabili ang mga tiyak na kagamitang angkop sa gagamiting teknolohiya sa pagtuturo ng mga tiyak na kasanayan kabilang ang mga kasanayan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral (Vooqt & McKenney, 2017).

Samantala, ang mga guro ay inaaahang mayroong kaalaman sa nilalaman ng kanilang itinuturong asignatura, ngunit walang masyadong kakayahang gamitin ang teknolohiya sa pagtuturo ng mga nilalamang ito. Ang kakulangan ng kamalayan sa iba't ibang teknolohiyang maaaring gamitin sa pagtuturo ay isa sa mga salik na maaaring humubog sa kakayahan ng mga guro na gamitin ang mga kagamitang panteknolohiya sa iba't ibang asignatura. Ang ideyang ito ay sumasalamin sa pangangailangang linangin ang kaalaman at kasanayan sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon sa iba't ibang larangan upang maging epektibo ang paglilipat ng nilalaman mula sa mga guro patungo sa mga mag-aaral. Kung kaya, ang antas ng kahandaan sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay maaaring malinang hindi lamang ng natural na kakayahan ng mga guro sa iba't ibang teknikal na gawain, kung hindi maging ng kanilang pang-unawa sa iba't ibang mga kagamitang panteknolohiya at ang kabuluhan nito sa edukasyon.

Ang Experiential Learning Theory ni Dewey ay isa ring batayang teorya sa pag-aaral na ito. Ayon sa teoryang ito, ang karanasan ang pinakapundasyon ng pagkatuto. Ang karanasan ng mga tao ay mga buhay na karanasan na nasa puso ng proseso ng pagkatuto. Ang edukasyon ay kailangang maunawaan sa saklaw nitong malinang at maisagawa ang mga karanasang kailangan ng mga

tao upang matuto. Sa konteksto ng teoryang ito, ang edukasyon ay isang proseso ng pagreorganisa at pagrekonstrak ng mga karanasan na tataglayin ng mga mag-aaral upang sila ay epektibong matuto. Samakatuwid, ang layunin ng edukasyon ay direktang baguhin ang kalidad ng mga karanasan na pinagdadaanan ng mga mag-aaral. Kung kaya, ang edukasyon ay pagpapalaya at pagpapalawak sa mga karanasan ng mga mag-aaral na nasimulan sa kanilang mga bahay at komunidad patungo sa kanilang mga paaralan. Upang magkaroon ng pagkatuto, kailangang gawin ng mga mag-aaral ang makatutulong sa kanila upang magkaroon ng pinakamakabuluhang karanasan sa proseso ng edukasyon dahil kung hindi, wala silang matatamong pagkatuto (Ord, 2012).

Ang pangangailangan sa integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan ay nakikitang isa sa mga pamamaraan upang makapagtamo ng mga makabuluhang karanasan ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral dahil ang mga kagamitang panteknolohiya ay magbibigay sa kanila ng pagkakataong maging aktibo sa kanilang pagkatuto. Mula sa kawalan ng pakialam ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral patungo sa pagiging aktibong mag-aaral sa klase ay isa sa mga layuning nais matamo ng isang experiential na pagkatuto. Sa kontekstong ito, ang proseso ng pagkatuto at pagtuturo ay nagiging learner-centered mula sa pagiging teacher-focused. Sa pananaw na ito, ang mga teknolohiyang gagamitin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral ay magbibigay sa kanila ng pundasyong maunawaan ang kanilang mga nakaraan at kasalukuyang karanasan upang matutuhan ang mga panibagong kaalaman sa paglinang ng kakayahan sa pagsusulat sa nasabing wika. Sa pamamagitan ng experiential na pagkatuto ng mga mag-aaral nagkakaroon sila ng pagkakataong tuklasin ang

mga kaalaman sa pagsusulat sa wikang Filipino na mayroong kabuluhan sa kanila upang sa huli ay epektibong matuto sa iba't ibang istilo ng pagsusulat at maging malalim ang nilalaman ng kanilang mga sulatin batay sa mga kompetensiyang nais malinang ng mga guro sa kanila (Gavillet, 2018).

Ang Conditions of Learning Theory ni Gagne ay ang pangatlong teoryang batayan sa pag-aaral na ito. Batay sa inilalahad ng teoryang ito, ang iba't ibang mga pangyayari sa kapaligiran ay nakaiimpluwensiya sa edukasyon. Ayon pa sa teoryang ito, mayroong iba't ibang mga kakayahan ang mga tao na maaaring matutuhan kabilang ang pagkatuto ng iba't ibang mga kagawian na maaaring makapagpaunlad ng kanilang mga pang-akademikong pagganap. Ang mga gurong lumalahok sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto kung saan mayroong mga tamang kondisyon sa kapaligiran ay lilinang ng mga mag-aaral na may tamang kasanayang intelektuwal, verbal, kognitibo, at lokomotor, at mayroong tamang saloobin sa kanilang pag-aaral (Gagne, 1985).

Kung kaya, ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay may epekto sa pagpapalaganap ng kurikulum at instruksiyon mula sa mga guro patungo sa mga mag-aaral. Ang integrasyon ng mga kagamitang panteknolohiya ay isa sa mga panlabas na kondisyon ng edukasyon. Ang bawat pag-unlad ng teknolohiya ay sumasalamin sa pag-unlad ng kaalaman mula sa mga mag-aaral. Kung kaya, mayroong mga kondisyon o sitwasyon sa edukasyon na magtatakda ng kalidad ng pagkatuto na maaaring matamo ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ay isang panlabas na kondisyon na huhubog sa kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral.

Ang Technology Acceptance Theory ni Davis ay ang panghuling teoryang

batayan sa pagsagawa ng pag-aaral na ito. Ayon kay Davis (Mohebi, 2021), ang pagtanggap ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ay batay sa kanilang pananaw sa gamit nito sa pagbabago ng gawi ng mga mag-aaral sa klase. Ang pananaw ng mga mag-aaral sa gamit ng teknolohiya ay ang kanilang personal na kamalayan sa tiyak na aplikasyon ng mga kagamitang panteknolohiya sa kanilang pag-aaral. Sa kabilang banda, ang pananaw ng mga guro sa gamit ng teknolohiya sa edukasyon ay nakasalalay sa kanilang kapasidad na gamitin ang mga kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo upang paunlarin ang kanilang antas ng pagganap sa pagtuturo.

Ang mga teoryang nabanggit sa pag-aaral na ito ay nagpatunay sa kahalagahan ng integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon. Kung kaya, ang mga teoryang ito ay nagpatibay sa pagsagawa ng pag-aaral na ito.

Batayang Konseptuwal

Ang Figura 1 ay nagpapakita sa batayang konseptuwal ng pag-aaral. Ito ay iskema na naglalaman ng mga baryet ng pag-aaral at ang direksyong tinahak ng pag-aaral na ito.

Makikita sa maliit na kahon sa ibabang bahagi ng iskema ang mga guro at ang mga mag-aaral sa Ikalawang Baitang sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, sa Taong Panuruan 2023-2024 na mga tagasagot sa pag-aaral na ito. Iniugnay ang kahong ito sa isang malaking kahon sa itaas na bahagi ng iskema ng isang palasong pataas ang direksyon.

Inilarawan sa pag-aaral na ito ang profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga


salingkurang pagsasanay sa Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo, na makikita sa isang maliit na kahon sa itaas na kaliwang bahagi ng malaking kahon.

Inilarawan din sa pag-aaral na ito ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, mga gadyet na ginagamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, na makikita sa maliit na kahon sa ibabang kaliwang bahagi ng malaking kahon.

Sa karagdagan, ang pananaw ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ay tinaya sa pag-aaral na ito ayon sa mga aspeto ng paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, na makikita sa maliit na kahon sa itaas na kanang bahagi ng malaking kahon. Ang pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ay tinaya sa pag-aaral na ito ayon sa mga aspetong pamumuno, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran, na makikita sa maliit na kahon sa ibabang kanang bahagi ng malaking kahon. Ang antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinukoy sa pag-aaral na ito batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino, na makikita sa isang maliit na kahon sa gitnang kanang bahagi ng

Figura 1

Ang Batayang Konseptuwal ng Pag-aaral



malaking kahon.

Samantala, nagsagawa ng komparatibong pag-aanalisa upang tayain ang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa dalawang aspetong nabanggit; at ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa apat na aspetong nabanggit.

Isinagawa rin ang korelesyunal na pag-aanalisa upang tukuyin ang kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa dalawang aspetong nabanggit at ang profayl ng mga gurong tagasagot at profayl ng mga mag-aaral na tagasagot; sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa apat na aspetong nabanggit at ang profayl ng mga gurong tagasagot at profayl ng mga mag-aaral na tagasagot; at sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang sumusunod na mga baryet: profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, at pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar.

Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagsilbing matibay na implikasyon, na makikita sa ikatlong mataas na kahon sa iskema, upang gawin ang programang interbensiyon, na makikita sa ikaapat na mataas na kahon sa iskema. Ang interbensiyong ito ay magsisilbing batayan upang paunlarin ang antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot, na makikita sa putol-putol na bilohabang hugis sa pinakatuktok ng iskema. Ang mga putol-putol na linya na nag-uugnay sa ikatlong kahon sa kahon sa ibaba ng iskema ay nagsilbing fidbak upang siguradohin ang pagtatamo sa mga layunin ng pag-aaral na ito.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng makabuluhang kontribusyon sa mga guro, mga mag-aaral, mga tagapamahala ng paaralan, mga koordineytor ng ICT sa paaralan, mga koordineytor ng ICT sa distrito, mga koordineytor ng ICT sa sangay, mga matataas na opisyal ng DepEd, mga matataas na opisyal ng lokal na pamahalaan, at mga mananaliksik.

Sa mga Guro. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagsilbing katunayan sa kahalagahan ng integrasyon ng teknolohiya sa paglinang sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral lalo na sa aspeto ng paggawa ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, mabibigyang diin ng mga guro ang paggamit ng mga kagamitang pang-teknolohiya na angkop sa kompetensi na lilinang sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral. Magkakaroon din ng ideya ang mga guro sa uri ng mga salingkurang

pagsasanay na maaaring lahukan upang mapalago ang kanilang teknikal na kasanayan at digital literasi.

Sa mga Mag-aaral. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagbigay ng patnubay sa mga mag-aaral na linangin ang kanilang antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino sa pamamgitan ng pagsunod sa mga ipinapatupad na mga kagamitang pang-teknolohiya ng kanilang mga guro sa Filipino. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, magkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na linangin ang kanilang mga kakayahan sa pagsusulat sa Filipino at magkaroon ng malaking oportunidad na makapagtamo ng mataas na pang-akademikong performans sa Filipino.

Sa mga Tagapamahala ng Paaralan. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagdulot ng malaking oportunidad para sa mga tagapamahala ng paaralan na magsagawa ng masinsinang teknikal na tulong hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon sa mga gurong nagtuturo sa ikalawang baitang. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay posibleng magsilbing inputs upang gumawa ng isang action plan, project proposal, o action research ang mga tagapamahala ng paaralan hinggil sa pagpapalago sa teknikal na kaalaman at digital na literasi ng mga gurong maaaring magpatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon. Ang mga tagapamahala ng mga paaralan ay magkakaroon ng pagkakataong makahingi ng tulong upang mapamahalaan ng maayos ang pagpapatupad ng iba't ibang mga programa hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon sa bawat pampublikong paaralang primarya lalo na ang nasa mga baybaying lugar na maaaring kulang sa access at kapasidad.

Sa mga Koordineytor ng ICT sa Paaralan. Ang kinalabasan ng pag-

aaral na ito ay nakapagbigay ng inputs upang gumawa ng disenyo ng isang pampaaralang salingkurang pagsasanay sa pamamagitan ng School Learning Action Cell (SLAC) session sa integrasyon ng teknolohiya sa mga kompetensi sa Filipino na may kaugnayan sa paglinang ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral. Makapagsasagawa rin sila ng mga SLAC sessions upang maunawaan ng mga guro ang kaangkupan ng iba't ibang mga kagamitang pang-teknolohiya sa kanilang pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino sa mga mag-aaral.

Sa mga Koordineytor ng ICT sa Distrito. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nakapagbigay ng inputs upang gumawa ng disenyo ng isang pang-distritong salingkurang pagsasanay sa integrasyon ng teknolohiya sa mga kompetensi sa Filipino na may kaugnayan sa paglinang ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral. Makapagsasagawa rin sila ng mga disenyo ng pananaliksik upang maunawaan ng mga guro ang kaangkupan ng iba't ibang mga kagamitang pang-teknolohiya sa kanilang pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino sa mga mag-aaral.

Sa mga Koordineytor ng ICT sa Sangay. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nakapagbigay ng inputs upang gumawa ng disenyo ng isang pangangay na salingkurang pagsasanay sa integrasyon ng teknolohiya sa mga kompetensi sa Filipino na may kaugnayan sa paglinang ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral. Makapagsasagawa rin sila ng mga disenyo ng pananaliksik upang maunawaan ng mga guro ang kaangkupan ng iba't ibang mga kagamitang pang-teknolohiya sa kanilang pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino sa mga mag-aaral sa lahat ng mga pampublikong

paaralang primarya sa isang sangay.

Sa mga Matataas na Opisyal ng DepEd. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagbigay ng tiyak at lokal na datos na nakabatay sa isang siyentipikong pananaliksik hinggil sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon sa teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral, at sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa paglinang ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino sa mga pampublikong paaralang primarya sa isang lokal na sangay ng DepEd. Ang mga datos at implikasyon mula sa mga aspetong ito ay magsisilbing batayan upang alamin ang maaaring kaugnayan ng mga ito sa paglinang sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral. Sa huli, magkakaroon sila ng matibay na dahilan upang tangkilikin at ipatupad sa buong bansa ang interbensyong materyal na iminumungkahi ng pag-aaral na ito.

Sa mga Matataas na Opisyal ng Lokal na Pamahalaan. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay naging daan upang makatulong ang lokal na pamahalaan sa pagbibigay ng pinansyal na tulong sa mga pampublikong paaralang primarya upang matugunan ang mga kagamitang pang-teknolohiya para sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon.

Sa mga Mananaliksik. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay naging daan upang magsagawa ng mga pamatnubay na pananaliksik hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa ibang mga makrong kasanayan sa wika sa ibang mga pampublikong paaralang primarya.

Saklaw at Delimitasyon

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tayain ang integrasyon ng teknolohiya sa

paglinang ng kakayahan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Ikalawang Baitang sa mga baybaying paaralan ng Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, bilang batayan sa paggawa ng mga sulating pansanay ng mga mag-aaral.

Sa katiyakan, inilarawan sa pag-aaral na ito ang profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo. Inilarawan din ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, mga gadyet na ginagamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon.

Samantala, tinaya ang pananaw ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino batay sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino. Sa karagdagan, tinaya rin ang pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa pamununo, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran. Tinuos din ang antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na

tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulat sa Filipino.

Katuturan ng mga Talakay

Ang mga mahahalagang salitang matatagpuan sa pag-aaral na ito ay binigyang konseptuwal at operasyunal na kahulugan sa bahaging ito.

Antas ng Kahandaan. Ang salitang ito ay tumutukoy sa kakayahan o kasanayan na lebel ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon na nagpapakita sa kakayahan ng mga gurong gamitin bilang suportang pedagohiya ang mga kagamitang pang-teknolohiya (OECD, 2019). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa antas ng kahandaan ng mga gurong tagasagot sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa mga aspetong paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino.

Antas ng Pagpapatupad. Ang salitang ito ay tumutukoy sa kakayahan o kasanayan na lebel ng paggamit o pagpapalaganap ng integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon sa mga paaralan (OECD, 2012). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa antas ng paggamit o pagpapalaganap ng integrasyon ng teknolohiya sa mga pampublikong paaralang primarya sa mga baybaying bahagi ng Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, na tinaya ayon sa mga aspeto ng pamumuno, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran.

Filipino. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pambansang wika ng Pilipinas na pinagtibay ng Saligang Batas ng 1987 na kasalukuyang nililintang, pinagyayaman, at pinayayabong sa pangangalaga ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) (Komisyon sa Wikang Filipino, 2019). Sa pag-aaral na ito, ang

salita ay tumukoy sa wikang ginamit ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagsulat.

Gadyet. Ang salitang ito ay tumutukoy sa isang maliit na makina o gamit (Collins Dictionary, 2023). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa mga gamit panteknolohiya upang maisagawa ng mga guro ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo, kabilang ang selpon, kompyuter, at iba pa.

Imprastruktura. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga kagamitang kailangan sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon kabilang ang digital telephone network, mobile phones, internet capability, internet servers at fixed broadbands, at iba pang mga teknolohiya na may kaugnayan sa ICT (Pradha et al., 2018). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa isa sa mga aspeto kung saan tinaya ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga pampublikong paaralang primarya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, na tinaya gamit ang talatanungan na halaw sa Handbook on Monitoring and Evaluation of ICT in Education nina Wagner et al. (Castillo, 2017).

Integrasyon ng Teknolohiya. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pamamaraang instruksiyonal kung saan ang mga guro ay gumagamit ng mga kagamitang pang-teknolohiya o ICT-assisted na mga materyal kabilang ang mga computers, internet, iPad, smart phones, at iba pang mga elektroniko at digital na kagamitan sa edukasyon (IGI Global, 2023). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa kung paano ito binigyang konseptuwal na kahulugan, subalit tiyak na tumukoy sa integrasyon ng teknolohiya ng mga guro upang malinang ang kakayahan sa pagsulat ng Filipino ng mga mag-aaral.

Kakayahan sa Pagsulat. Ang salitang ito ay tumutukoy sa kapasidad sa

isa sa mga makrong kasanayan sa wika na isang proseso ng pag-iisip na inilalarawan sa pamamagitan ng mahusay na pagpili at pag-oorganisa ng mga karanasan ng manunulat gamit ang istruktura ng isang wika upang maiparating ng malinaw ang mensahe ng akda (Mustafa et al., 2022). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa kaparehong kahulugan sa konseptuwal na dulong nito, subalit tiyak na tumukoy sa kakayahan ng pagsulat ng Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang mga iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino.

Kapaligiran. Ang salitang ito ay tutukoy sa espasyo o lugar na sumasaklaw sa mga materyal sa pagkatuto kabilang ang teknolohiya, ang mga modes o pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto, at ang mas nakakataas na Lipunan at kontekstong global sa edukasyon (Usman & Madudili, 2019). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa isa sa mga aspeto kung saan tinaya ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga pampublikong paaralang primarya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, na tinaya gamit ang talatanungan na halaw sa Handbook on Monitoring and Evaluation of ICT in Education nina Wagner et al. (Castillo, 2017).

Kompetensi. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pangkat ng mga kasanayan o ipinapakitang katangian na nagbibigay ng pagkakataon sa isang tao na paunlarin ang kanyang kakayahan sa pagganap (Mustafa et al., 2022). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa mga kasanayang ipinamalas ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagsusulat sa Filipino batay sa kanilang iskor sa isang pagsusulit sa Filipino.

Kurikulum. Ang salitang ito ay tumutukoy sa kumakatawan sa mga layunin ng edukasyon na nagdadala ng mga paniniwala, kaugalian, saloobin,

kasanayan, at kaalaman na sumasaklaw sa kung ano ang edukasyon (Mulenga, 2019). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa isa sa mga aspeto kung saan tinaya ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga pampublikong paaralang primarya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, na tinaya gamit ang talatanungan na halaw sa Handbook on Monitoring and Evaluation of ICT in Education nina Wagner et al. (Castillo, 2017).

Paggamit ng mga Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pagtalaga ng malawak na kakayahang umangkop sa pagtuturo at pagkatuto at pagsagawa ng mga gawaing may kinalaman sa paglinang sa mga 21st kasanayan ng mga mag-aaral sa pagiging malikhain, pakikipagtulungan, pakikipagkomunikasyon, at kritikal na pag-iisip (Mahat et al., 2018). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa isa sa mga dimensyon ng antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino na inalam batay sa kanilang mga katanungan sa isang talatanungan na halaw sa Stages of ICT Development Model ni Majumdar (Castillo, 2017).

Pagpapaunlad ng Tradisyunal na Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino. Ang salitang ito ay tutukoy sa paglago ng metodolohiya ng pagtuturo at pagkatuto mula sa didactic na istilo ng pagtuturo, na nakatuon sa lecture-based na pagtuturo at pagkatuto patungo sa experiential na pagkatuto ng mga guro (Raja & Najmonnisa, 2018). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay ginamit upang tukuyin ang isa sa mga aspetong may kinalaman sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral batay sa kasagutan ng mga tagasagot sa talatanungan hinggil sa

Stages of ICT Development Model ni Majumdar (Castillo, 2017).

Pagsulat sa Filipino. Ang salitang ito ay tumutukoy sa isa sa mga makrong kasanayan sa wika na isang proseso ng pag-iisip na inilalarawan sa pamamagitan ng mahusay na pagpili at pag-oorganisa ng mga karanasan ng manunulat gamit ang istruktura ng isang wika upang maiparating ng malinaw ang mensahe ng akda (Mustafa et al., 2022). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa kaparehong kahulugan sa konseptuwal na dulong nito, subalit tiyak na tumukoy sa kasanayan ng pagsulat ng Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar.

Pamumuno. Ang salitang ito ay tumutukoy sa position of superiority sa isang institusyon o organisasyon na mailalarawang isang paghahati-hati at pagbibigay sa isang lider ng kapangyarihan sa pagtatamo ng mga layunin (Garcia-Martinez et al., 2018). Sa pag-aaral na ito, ang salita ay tumukoy sa isa sa mga aspeto kung saan tinaya ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga pampublikong paaralang primarya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, na tinaya gamit ang talatanungan na halaw sa Handbook on Monitoring and Evaluation of ICT in Education nina Wagner et al. (Castillo, 2017).

Pedagohiya. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga estratehiyang gamit sa pagtuturo ng mga guro na maaaring sa teorya o aktuwal na pagtuturo na nilinang ng kanilang mga paniniwala at pag-unawa sa iba't ibang kultura ng pagtuturo at istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral (Merriam-Webster Dictionary, 2023). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa mga estratehiyang ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino sa mga mag-aaral gamit ang iba't ibang gamit panteknolohiya.

Saloobin hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon. Ang salitang ito ay tumutukoy sa damdamin o disposisyon ng isang tao tungkol sa isang pinag-uusapang paksa, maaaring ito ay negatibo o positibong pagsasabi o pagpapahayag sa pinag-uusapang paksa batay sa pag-iisip at pag-aanalisa sa paksa ng isang tao (Kara & Ada, 2021). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa damdamin o disposisyon na maaaring negatibo o positibo ng mga guro at mag-aaral na tagasagot hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa intruksyon batay sa kanilang mga sagot sa talatanungan na halaw sa Attitude towards ICT Integration into Curriculum of Suleimen (2019) na isinalin sa wikang Filipino.

Kabanata 2

PAGSUSURI NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay isang malawak at malalim na pagsusuri sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa paglinang ng kakayahan sa pagtuturo ng Filipino ng mga mag-aaral at mga iba pang ideya na may kinalaman sa nasabing paksa. Ang kabanatang ito ay naglalaman din ng pagtalakay sa mga pagkakahalintulad at pagkakaiba ng mga nirebisang naunang pag-aaral hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon at sa pagsusulat sa wika.

Mga Kaugnay na Literatura

Ang mga ideya hinggil sa kakayahan sa pagtuturo sa Filipino, integrasyon ng teknolohiya sa paglinang sa kakayahan sa pagsulat, at iba pang kaugnay na mga paksa ay tinalakay at nirebisa ng mananaliksik sa bahaging ito upang maging gabay sa pagpapalalim ng pag-unawa sa mga paksang ito.

Ang Ikalabing-Isang Siglo ay nakaranas ng paglago ng Information and Communications Technology (ICT) at naging mahalagang bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga tao. Ang ICT naging batayan ng sosyal at ekonomikong tagumpay ng isang bansa. Sa konteksto ng edukasyon, ang ICT ay nagbibigay sa mga guro at mga mag-aaral ng iba't ibang karanasan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto na iba kaysa sa mga naibigay ng sistema ng edukasyon noong mga nakaraang siglo. Ang pag-aaral sa makabagong panahon ay nagtatakda sa mga mag-aaral at mga guro na gumamit ng teknolohiya at internet sa pamamagitan ng integrasyon nito sa edukasyon (Cha et al., 2020).

Ang pagkakaisa ng ICT at edukasyon ay sumasalamin sa kakayahan ng sistema ng edukasyon. Sa katunayan, ang kapaligiran ng edukasyon sa panahon ng ICT ay dinisenyo na handa sa pagtanggap sa lahat ng mga pagbabago sa teknolohiya at sa integrasyon ng mga pagbabagong ito sa pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Subalit, ang teknolohiya ay hindi nangangahulugan ng kabuuan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pagdisenyo ng mga teknolohiya, ang tanging layunin ay magamit ng maayos ang mga ito bilang kagamitan sa pagtuturo sa makabagong panahon. Kaugnay nito, kailangang maunawaan ng mga guro kung hanggang saan ang kakayahan ng mga iba't ibang kagamitang panteknolohiya ang makapagbibigay ng mahahalagang karanasan sa mga mag-aaral sa klasrum. Kung kaya, ang sektor ng edukasyon ay dapat mamuhunan sa de kalidad na edukasyon kabilang ang pamumuhunan sa iba't ibang kagamitang panteknolohiya na maaaring gamitin sa pagtuturo ng mga guro. Ang kasalukuyang panahon ay kumikilala sa ICT bilang makapangyarihang instrumento sa pagsasakatuparan ng mga reporma sa edukasyon. Kung tama ang paggamit ng mga kagamitang ito, matutulungan ang proseso ng pagtuturo na mas maging makabuluhan sa pakikilahok ng mga mag-aaral (Salam et al., 2018).

Kabilang sa konteksto ng ICT ang hardware, software, networks, iba't ibang koleksiyon ng midya, at mga proseso ng pagtatago, pag-iingat, pagpapalaganap at pagpapahayag ng mga impormasyon. Ang ICT ay tumutukoy sa lahat ng mga digital na kagamitan kabilang ang telepono, internet, broadband, at iba pang mga kahalintulad na teknolohiya. Ang ICT ay tumutukoy sa mga teknolohiya na nagbibigay daan upang makakuha ng impormasyon sa

pamamagitan ng telekomunikasyon (Toader et al., 2018).

Sa karagdagan, binigyang kahulugan ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) ang ICT bilang siyentipiko, teknikal at inhenyeriyang disiplina at proseso ng pamamahala ng impormasyon, mga aplikasyon ng mga nakakalap na impormasyon, at ang kabuluhan ng mga datos sa sosyal, ekonomiko, at kultural na kaganapan ng isang bansa. Kung kaya, ang integrasyon nito sa edukasyon ay mayroong halaga. Ang paggamit ng teknolohiya bilang isang istrategiya sa pagtuturo ay naglalayong pagandahin ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral at mas lalong paunlarin ang paglaganap ng ICT sa edukasyon. Kung kaya, kritikal ang papel na ginagampanan ng mga kagamitang panteknolohiya sa pagtupad sa lahat ng mga reporma o pagbabago sa kurikulum na ipinapatupad ng sektor ng edukasyon (Ratheeswari, 2018).

Sa karagdagan, ang mga kagamitang ICT ay nagpabago sa sistema ng edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mag-aaral ng kakaibang kaalaman at kasanayan sa teknolohiya na kailangang matutunan sa panahon ng mga pagbabago sa ikalabing-isang siglo. Kung kaya, ang mga kagamitang ito ay makakatulong sa pagbuo ng isang makapangyarihan at kompletong karanasan para sa mga mag-aaral. Ang mga kagamitang ICT ay makapagpapabago sa kapaligiran ng pagkatuto at pagtuturo upang matuto ang mga mag-aaral sa mga kasanayan sa paglutas ng mga suliranin at pakikipag-ugnayan sa ibang mga mag-aaral sa ibang lugar o paaralan. Nagiging sentro ang mga mag-aaral sa isang klasrum na gumagamit ng mga kagamitang ICT at nagkakaroon ng pagkakataong matuto sa kanilang takdang oras ang mga mag-aaral (Bariu,

2020).

Samakatuwid, ang mga kagamitang ICT ay nagbibigay sa mga guro ng pagkakataong paunlarin ang nilalaman ng kanilang mga itinuturo at gawing epektibo ang kanilang mga istrategiya sa pagtuturo. Kailangan ng mga guro ang mga kagamitang ito upang magkaroon ng access sa impormasyon at itaas ang kawilihan ng pagtuturo. Ang mataas na antas ng kawilihan sa pagtuturo ng mga guro gamit ang mga kagamitang ICT ay maaaring magsilbing daan upang tumaas din ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Sa kalaunan, ang malawak at malalim na interaksyon ng mga guro at mag-aaral ay magiging daan tungo sa isang produktibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Subalit, mayroong iba't ibang pananaw ang mga guro hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon. Una, inakala ng mga guro na ang integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ay kailangang matutunan nang hindi nauunawaan ang kahalagahan nito sa mga mag-aaral. Ang pananaw na ito ay may kaugnayan sa kakulangan ng suporta at pagsasanay sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo. Ang pananaw na ito ay bunga rin ng kakulangan ng pagkilala sa papel na ginagampanan ng teknolohiya bilang pwersa na makapagpapabago sa pagtuturo. Pangalawa, itinuturing ng mga guro ang mga kagamitang ICT na pamamaraan upang maisalin ang kurikulum sa mga mag-aaral sa paraang masisiyahan sila at matututo ng maayos (Marcino, 2018).

Kung kaya, nararapat lamang na gumawa ng kontekstuwal na batayan upang maisakatuparan ang pagpapatupad ng mga kagamitang panteknolohiya sa klase. Kailangang maunawaan ng mga guro na hindi pinapalitan ng ICT ang

kanilang papel bilang tagapagturo at tagapagsalin ng kurikulum, bagkus ang mga kagamitang ito ay nagbibigay daan upang sila ay makapag-alay ng malikhain at malalim na pagkatuto sa mga mag-aaral. Ang mga kagamitang ICT ay hindi isang kapalit ng mga guro sa pagtuturo kundi mga kagamitang nakapagpapataas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, mas nagkakaroon ng maraming pagpipilian ang mga guro upang makamit ang layunin ng edukasyon na magtamo ng pinakamataas na pang-akademikong performans ang mga mag-aaral.

Sa karagdagan, ang mga kagamitang panteknolohiya ay nakikitang paraan upang maitaas ang access sa edukasyon ng mga mag-aaral kahit sa mga lugar kung saan mayroong hindi pagkakapantay-pantay. Sa mga mauunlad na bansa, ang tagumpay ng integrasyon ng teknolohiya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto na nangangahulugan ng pagtatamo ng de kalidad na edukasyon ay makikita at mararanasan ng mga guro at mag-aaral. Subalit, ang paglaganap at paglago ng mga kagamitang panteknolohiya ang nagtutulak sa mga papaunlad na bansa na mamuhunan sa mga kagamitang ito sa kabila ng kakulangan sa ebidensiya na magpapatunay sa epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Murithi & Yoo, 2021).

Kaugnay nito, nahihirapan ang mga mahihirap na bansa na ipatupad ang reporma sa edukasyon gamit ang mga kagamitang panteknolohiya. Ang mga hamong kinakaharap ng mga bansang ito ay ang kakulangan ng kakayahan ng mga guro sa pagiging digital o maalam sa teknolohiya. Ang integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ay isang proseso na nangangahulugang dapat dumaan ang sistema ng edukasyon sa lahat ng mga hakbang upang ito ay

maging epektibo at makabuluhan. Kung kaya, kailangang malampasan ng mga guro at mga mag-aaral ang mga balakid kaugnay sa matagumpay na pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon. Ang kakulangan sa pinansyal na puhunan sa pagbili ng mga kagamitang panteknolohiya ay isang balakid sa pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa klase. Sa huli, ang epektibong paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay nakasalalay sa pamamaraan, layunin, at aplikasyon ng mga ito sa klase.

Sa Pilipinas, ang integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ay limitado dahil ito ay isang papaunlad na bansa pa lamang na mayroong kakulangan sa mga gurong may kasanayan sa paggamit ng teknolohiya, kakulangan ng imprastruktura para sa teknolohiya, at mga kagamitang pang-edukasyon. Ang paggamit ng mga teknolohiya sa mga papaunlad na bansa kagaya ng Pilipinas ay dapat na naaayon sa konteksto, modelo ng sistema ng edukasyon, at mga reyalidad ng katayuan ng bawat klasrum. Kailangang alam ng mga tagapamahala ng paaralan ang mga hamong kakaharapin ng mga guro at mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Kaugnay nito, dapat na ang pamahalaan ng bansa at ang sektor ng edukasyon ay nakatuon sa pagsulong sa imprastruktura ng teknolohiya sa sistema ng edukasyon upang matamo ang malawakang access sa de kalidad na edukasyon ng mga mag-aaral (UNESCO, 2018).

Sa binagong kurikulum na K to 12 ng bansa, iba't ibang istrategiya ang nagsulputan mapaganda lamang ang kalidad ng edukasyon. Ngunit ang mga guro sa makabagong panahon ay hindi kayang ibigay ang lahat na kinakailangan ng mga mag-aaral kaugnay ng kanilang pag-aaral. Kaya't kailangang tanggapin

na maraming bagong kaalaman at kasanayan ang malilikha habang ginagamit ng mga guro at mag-aaral ang teknolohiya sa pagkatuto at pananaliksik. Dagdag pa nito, walang limitasyong posibilidad na inaalok ng malikhaing mga aplikasyon gamit ang teknolohiya upang mapagyaman ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Sa katunayan, mas madali ang pagakakaron ng koneksyon sa Internet upang makagawa ng iba't ibang midya kaysa sa mga nakatalang teksto para sa mga makabagong ideya. Ngayon ang teksto ay mananatiling pamantayan sa silid-aralan na mayroong kompyuter kung saan maaari siyang mapagkunan ng kaalaman (Sta. Clara, 2014).

Ang paggamit ng teknolohiya para sa mga layuning pagtuturo ay maaaring maging dahilan upang tumaas ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wika. Samantala, ayon sa paglalahad sa herarkiya ng sining ng wika, ang pagsulat ay maituturing na pinakamataas at pinakatampok na kasanayang narapat linangin sa mga mag-aaral. Ito ang kasanayang tumutukoy sa pagsasalin sa papel ng anumang kasangkapang maaaring magamit na mapagsasalinan ng mga nabuong salita, simbolo at ilustrasyon ng isang tao. Ito ay kapwa pisikal at mental na gawain na ginagawa para sa iba't ibang layunin. Sa karagdagan, ang pagsulat ay isang komprehensibong kakayahang naglalaman ng wastong gamit, talasalitaan, pagbubuo ng kaisipan, retorika at iba pang elemento. Ito ay isang biyaya, isang pangangailangan at isang kaligayahan ng nagsasagawa nito (Lozano, 2002).

Samakatuwid, ang pagsulat ang bunga ng gawaing pisikal at mental na kakayahan ng tao na nasasangkapan ng pagsasama-sama ng mga salita, simbolismo, at imahe sa isipan na bunga ng karanasan ng isang indibidwal at

kanyang kaalaman. Ang kahandaan at motibasyon sa mga kakayahang pangkasanayan sa pagsulat ay magbibigay ng matibay na pondasyon sa pagsulat ng mga mag-aaral. Kung ang isang tao ay walang komprehensibong kasanayan at kaalaman sa pagsulat ay nagiging balakid upang makabuo ng makabuluhan at epektibong sulatin. Magkakaroon lamang ng katuparan ang hinahangad na kasanayan sa pagsusulat ay sa kahandaan at wastong paggabay ng guro upang ang ito ay maging mabisa, magaan at may kahusayan ng mga mag-aaral. Dahilan nito, ang tagapagturo ay minamarapat na maging malikhain at maglinang ng mapanuring diwat at pag-iisip. Ang pagkakaroon nito ang magtitiyak na ang bawat guro ay may kakayahang humubog ng mapanuring diwa ng kanilang mag-aaral (Suastra & Menggo, 2020).

Ang pagsulat ay isang prosesong hindi natatapos sa isang upuan kundi nahahati sa iba't ibang yugto. Itinuturing itong isa sa pinakakomplikadong kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral sapagkat habang nagsusulat, natututuhan din nila kung paano mag-eksperimento gamit ang wika. Mas mabisa ang pagkatuto sa pagsulat kung ang mga mag-aaral ay binibigyan ng sapat na panahong makapagsulat; pinaniniwala na ang pagsulat ay nangangahulugan ng eksperimentasyon sa gamit ng wika, pagsubok ng mga bagong ideya, at isang Gawain ng paglikha, at binibigyan ng angkop na kasangkapan at espasyong makatutulong sa mas mabilis at epektibong paglinang ng kasanayan sa pagsulat (Genc-Ersoy & Gol-Dede, 2022).

Sa paglinang sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral, kinakailangang isaalang-alang ang tatlong salik. Una, ang pagbibigay ng sapat na panahon sa mga mag-aaral na makapagsulat. Ikalawa, ang paghahanda ng

mga gawaing angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral upang mahimok silang magsulat. Ikatlo, pag-aangkop ng mga paksang isusulat sa interes at lebel ng kaalaman ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang pagsusulat ang nararapat na pagtuonan ng pansin sa paggamit ng teknolohiya bilang ito ay isang masining na pagpapakita at pagpapahayag ng mga konteksto na maaaring maging nilalaman ng isang sulatin (Hikma et al., 2019).

Ngunit, ang integrasyon ng mga kagamitang panteknolohiya sa proseso ng paglinang sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral ay nangangailangang isaalang-alang ang mga kaganapan, pagsasanay, at mga pangkapaligirang konteksto. Dahilan nito, mahalagang isyu sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ay ang kakayahan nito na mapanatili ang paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo lalo na sa mga papaunlad na bansa kagaya ng Pilipinas na isang malaking hamon ang heograpikal na kalagayan ng ibang mga paaralan, lalo na iyong mga nasa isla.

Ang mga naunang pagtalakay ay nagpahiwatig ng mayabong na kaugnayan sa pagitan ng integrasyon ng teknolohiya at sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Sa dahilang ito, ang mga pagtalakay sa bahaging ito ay magsisilbing mayamang literatura na mas lalong magpapaigting sa pagsasagawa ng kasalukuyang pag-aaral.

Mga Katulad na Pag-aaral

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga kinalabasan ng pag-aaral hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon at sa paglinang sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral na nirebisa ng mananaliksik upang bigyang-linaw ang suliraning iniharap ng pag-aaral na ito.

Hashim et al. (2019) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, “Video Games: The Game Changer in Teaching Writing for ESL Learning”. Napagalaman sa pag-aaral na ito na ang kawilihan sa pang-akademikong pagsusulat ng mga mag-aaral ay hindi mataas gamit ang mga kombensiyonal o tradisyunal na mga pamamaraan ng paglinang nito. Ang pag-aaral na ito ay nagpahiwatig na ang paggamit ng video games bilang interbensiyong may integrasyon ng teknolohiya ay nakatulong sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Sa karagdagan, nakatulong din ang mga video games sa paglinang sa pagiging malikhain ng mga mag-aaral na naging dahilan ng kanilang kawilihang sumulat.

Ang pag-aaral nina Hashim et al. ay makabuluhan sa pag-aaral na ito dahil nilayong alamin kung ano ang epekto ng paggamit ng video games sa pagtuturo ng pagsulat sa wikang Ingles ng mga guro. Subalit, maraming pagkakaiba sa pagitan ng pag-aaral nina Hashim et al. at ang pag-aaral na ito. Una, ang pag-aaral nina Hashim et al. ay kwalitatibo, samantalang ang pag-aaral na ito ay kwantitatibo. Ikalawa, ang pag-aaral nina Hashim et al. ay nilahokan ng mga mag-aaral sa antas tersyarya, samantala ang pag-aaral na ito ay nilahokan ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang ng antas elementarya. Ikatlo, ang pag-aaral nina Hashim et al. ay mas tiyak na tumukoy sa paggamit ng mga video games upang linangin ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Samantala, ang pag-aaral na ito ay malawakang tinukoy ang integrasyon ng teknolohiya sa pagpapaunlad sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Lim at Noor (2019) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, “Digital Storytelling as a Creative Teaching Method in Promoting Secondary School

Students' Writing Skills". Napagalaman sa pag-aaral na mayroong pag-unlad sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral pagkatapos ng paggamit ng Storybird, isang digital na kagamitan sa pagkukuwento. Napagalaman din sa pag-aaral na ito na ang mga mag-aaral ay palaging gumagamit ng anim na aspeto ng pagkukuwento kabilang ang pangkalahatang layunin ng kuwento, dramatikong mga katanungan, pagpili ng nilalaman, pagbibigay ng tamang bilis ng mga salaysay sa kuwento, kalidad ng mga imahe, epektibong gramatika, at paggamit ng wika. Sa karagdagan, nagkaroon ng pag-unlad sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa kinalabasan ng kanilang panghuling pagsusulit pagkatapos sumailalim sa eksperimentasyon gamit ang Storybird. Nagpahiwatig ng mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga aspeto ng digital na kagamitan sa pagkukuwento at ang kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Lahat ng mga binanggit na aspeto ng pangkalahatang layunin ng kuwento, pagpili ng nilalaman, pagbibigay ng tamang bilis ng mga salaysay sa kuwento, kalidad ng mga imahe, epektibong gramatika, at paggamit ng wika ay mayroong mahalagang kaugnayan sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral maliban sa dramatikong mga katanungan.

Ipinapahiwatig ang pagkakatulad ng layunin ng pag-aaral nina Lim at Noor, at ang pag-aaral na ito dahil sa pagtalakay sa mga digital na kagamitan sa pagkukuwento na may kaugnayan sa pagpapaunlad sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Dahilan nito, mahalaga ang kaugnayan ng pag-aaral nina Lim at Noor sa pag-aaral na ito upang maunawaan ang kaugnayan ng integrasyon ng teknolohiya sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Sa kabila ng nasabing pagkakahalintulad, ang pag-aaral nina Lim at Noor ay mas

tiyak na tumukoy sa Storybird bilang isang kagamitang panteknolohiya na ginamit upang linangin ang kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Samantala, sa pag-aaral na ito, walang tiyak na teknolohiyang ginamit upang tayain ang kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, isang eksperimento ang isinagawa nina Lim at Noor, samantala, ang pag-aaral na ito ay nagsagawa lamang ng isang deskriptibong uri ng pananaliksik.

Cheri at Beam (2019) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Technology and Writing: Review of Research". Napagalaman sa pag-aaral na ito na ang mga computer at iba't ibang teknolohiya, mga aplikasyon ng teknolohiya, at mga web-based learning environments ay ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagsusulat sa K-12 na edukasyon. Ang mga tinatawag na technology-mediated na instruksyon sa pagsusulat ay nagpaunlad sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral, lalo na sa pagtatamo ng makabagong kaalamang literasi. Ang mga mag-aaral ay nagdisenyo, gumawa, at nagpakita ng iba't ibang multimodal at digital na teksto upang kumatawan sa kanilang kaalaman at pag-unawa sa mga literasing materyal at kontemporaryong isyu ng lipunan. Sa karagdagan, ang paggamit ng teknolohiya ay nagdulot ng motibasyon sa mga mag-aaral upang makilahok sa klase at gumawa ng mga sulating takdang aralin. Subalit, mayroong mga balakid na kinaharap ang mga guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng kasanayan sa pagsusulat sa mga mag-aaral.

Ipinahiwatig sa pag-aaral nina Cheri at Beam ang pagkakapareho ng layunin sa isinagawang pag-aaral dahil nakatuon sa kaugnayan sa pagitan ng integrasyon ng teknolohiya at kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

Ngunit, ang pag-aaral nina Cheri at Beam ay gumamit ng kwalitatibong pag-aanalisa ng mga nilalaman ng mga naunang pag-aaral mula 2002 hanggang 2017, samantala ang pag-aaral na ito ay ginamit ng kwantitatibong dulong ng pananaliksik.

Pheng et al. (2021) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "The Use of Technology in Teaching of Writing among Malaysian ESL Secondary School Teachers". Napagalaman na ang teknolohiya ay mahalagang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral, tumutulong sa mga guro bilang kagamitang pampagtuturo, at nagpapalago sa pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral. Subalit, ang kakulangan ng suporta sa teknolohiya ng paaralan ay nakakapagpigil sa mga guro sa paggamit nito sa klase dahil sa maraming oras na maaaring magugol sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Ang pag-aaral nina Pheng et al. ay may pagkakahalintulad sa layunin ng pag-aaral na ito dahil sa pagtuon sa ambag ng teknolohiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Gumamit ng deskriptibong sarbey sina Pheng et al. sa kanilang pag-aaral na kaparehong disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito. Sa karagdagan, mga guro ang kalahok sa pag-aaral nina Pheng et al. na katulad din ng pag-aaral na ito. Subalit, mayroong mga nakitang pagkakaiba sa pagitan ng pag-aaral nina Pheng et al. at ang pag-aaral na ito. Una, ang pag-aaral nina Pheng et al. ay nilahokan lamang ng mga gurong nagtuturo ng Ingles, samantalang sa pag-aaral na ito ay nilahokan din ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang. Pangalawa, ang pag-aaral nina Pheng et al. ay nakatuon sa pagsusulat sa wikang Ingles, samantalang sa pag-aaral na ito ay

tumuon sa pagsusulat sa wikang Filipino.

Han et al. (2021) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, “How Technology Tools Impact Writing Performance, Lexical Complexity, and Perceived Self-Regulated Learning Strategies in EFL Academic Writing: A Comparative Study”. Batay sa datos ng pag-aaral, ang paggamit ng Icourse at Icourse+Pigai, dalawang sistema ng pag-aanalisa ng pagsusulat ng mga mag-aaral na gamit ang teknolohiya, ay nagbigay ng mahalagang suporta sa paglinang sa self-regulated learning (SRL) na mayroon ding epekto sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Napagalaman din sa pag-aaral na ito na ang Icourse+Pigai ay nakatulong upang paunlarin ang kakayahan sa pagsulat pang-akademiko ng mga mag-aaral. Subalit, ang paggamit ng Icourse+Pigai ay hindi makabuluhan sa pagpapaunlad ng lexical complexity sa mga mag-aaral.

Ang pag-aaral nina Han et al. ay makabuluhan sa pag-aaral na ito dahil parehong naglayong alamin ang kontribusyon ng paggamit ng teknolohiya sa paglinang sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Subalit, ang pag-aaral nina Han et al. ay mas malalim at malawak ang saklaw dahil tinaya rin ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga self-regulated na istratehiya ng pagkatuto ng Ingles sa pang-akademikong pagsulat. Sa karagdagan, ang pag-aaral nina Han et al. ay gumamit ng mixed method na disenyo ng pananaliksik, samantala ang pag-aaral na ito ay simpleng kwantitatibong pananaliksik na gumamit ng deskriptibong uri.

Jara (2021) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, “Pedagogical Strategies with Technology in the Teaching of University Academic Writing: A Systematic Review”. Ayon sa ginawang sistematikong pag-aanalisa sa iba’t

ibang mga artikulo at dyornal hinggil sa mga pedagogikal naistratehiya sa pagtuturo ng pang-akademikong pagsusulat, napagalamang ang mga pedagogikal naistratehiya ng pagtuturo ng pang-akademikong pagsusulat ay ang collaborative work, autonomous learning, at competency-based learning. Sa karagdagan, ang mga kagamitang panteknolohiya na ginamit ng mga guro ay ang mga virtual na kagamitan kabilang ang blogs, word processors, at virtual platforms.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Jara ay may kahalagahan sa pag-aaral na ito dahil magkapareho ng layunin na alamin ang mga istratohiyang gumamit ng integrasyon ng teknolohiya sa paglinang o pagpapaunlad sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Sa kabila ng pagkakahalintulad ng dalawang pag-aaral, ang pag-aaral ni Jara ay gumamit ng isang sistematikong pag-aanalisa ng mga nakalathalang dyornal at artikulo hinggil sa pedagogikal naistratehiya sa pang-akademikong pagsusulat ng mga mag-aaral. Samantala, ang pag-aaral na ito ay isang deskriptibong pananaliksik hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Cabrera-Solano et al. (2021) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Using Pixton for Teaching EFL Writing in Higher Education during the COVID-19 Pandemic". Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagpakita ng positibong pananaw ng mga tagasagot hinggil sa paggamit ng Pixton bilang isang software na maaaring gamitin upang gumawa ng mga komiks. Napagalaman sa pag-aaral na ito na ang mga mag-aaral ay mayroong positibong pananaw hinggil sa epekto ng paggamit ng Pixton at ang kanilang online na kasanayan sa pagsusulat. Nagkaroon ng pag-unlad sa kanilang mga

kakayahan sa pagsulat dulot ng paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng pang-akademikong pagsusulat sa wikang Ingles sa online na dulong sa panahon ng pandemya. Sa karagdagan, mas pinaunlad ang pakikilahok ng mga mag-aaral, at ang kanilang motibasyon sa paggawa ng mga sulatin ng paggamit ng Pixton. Sa huli, pinaunlad ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang kasanayan sa gramatika, bokabolaryo, pag-oorganisa ng mga ideya, at pagkakabuklod-buklod ng mga ideya gamit ang Pixton.

Ipinahiwatig ang kahalagahan ng paggamit ng teknolohiya sa paglinang ng kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa naunang pag-aaral, kung kaya ito ay binanggit sa pag-aaral na ito. Sa karagdagan, ang pag-aaral nina Cabrera-Solano et al. ay tumuon sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pang-akademikong pagsusulat ng mga mag-aaral, kung kaya ito ay mahalaga sa pag-aaral na ito. Subalit, ang pag-aaral nina Cabrera-Solano ay tiyak na tinukoy ang Pixton bilang teknolohiyang ginamit upang malinang ang kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Samantala, sa pag-aaral na ito, lahat ng teknolohiyang maaaring gamitin sa paglinang sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang ay tinalakay.

Chen at Pan (2022) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, “Computer or Human: A Comparative Study of Automated Evaluation Scoring and Instructors’ Feedback on Chinese College Students’ English Writing”. Ang pag-aanalisa sa mga datos ng pag-aaral ay nagpahiwatig na ang “Aim Writing”, isang produktong ginawa ng Microsoft Research Asia upang gamiting kagamitan sa pagtuturo ng wikang Intsik, ay hindi sapat upang suportahan ang pangangailangan sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral nina Chen at Pan ay magkapareho ng layunin at ang pag-aaral na ito dahil nilalayong alamin kung paano nakatulong sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral ang mga computer o teknolohiya. Samakatuwid, ang pag-aaral nina Chen at Pan ay nakatuon sa kung paano ang “Aim Writing” ay nakatulong sa paglinang sa kakayahan sa pagsulat sa wikang Ingles ng mga mag-aaral na Intsik. Ngunit, sina Chen at Pan ay gumamit ng mixed method na disenyo ng pananaliksik, samantalang ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong disenyo ng pananaliksik. Sa karagdagan, ang pag-aaral nina Chen at Pan ay gumamit ng komparatibong pag-aanalisa ng mga kagamitan pantaya sa kakayahan sa pagsusulat sa wikang Ingles ng mga mag-aaral na Intsik.

Wen at Walters (2022) ay nagsagawa ng pananaliksik na pinamagatang, “The Impact of Technology on Students’ Writing Performance in Elementary Classrooms: A Meta-Analysis”. Ayon sa kinalabasan ng pananaliksik, mayroong katamtamang epekto ang teknolohiya sa kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa elementarya lalo na sa kalidad ng kanilang sinusulat at sa dami ng kanilang sulatin. Sa karagdagan, ang uri ng teknolohiyang gamit, ang genre na sinusulat, ang demograpikong salik, at ang metodolohikal na katangian ang ilan sa mga salik na mayroong katamtamang epekto sa mga baryet ng pag-aaral. Sa katiyakan, ang uri ng integrasyon ng teknolohiya at genre na sinusulat ay dalawa sa mga mahahalagang baryet na nakakaapekto sa kaugnayan ng teknolohiya at kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

Mayroong pagkakatulad sa layunin nina Wen at Walters at ang pag-aaral na ito na parehong nakatuon sa pagtukoy sa kaugnayan sa pagitan ng

integrasyon ng teknolohiya sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, ang naunang pag-aaral at ang pag-aaral na ito ay parehong nakatuon sa mga mag-aaral sa antas elementarya. Subalit, isang meta-analysis ang isinagawa nina Wen at Walters gamit ang 20 mga naunang pag-aaral mula 1990 hanggang 2020. Samantala, sa pag-aaral na ito, ang deskriptibong pananaliksik ay isinagawa upang mataya ang kaugnayan ng mga baryet.

Rintaningrum (2023) ay nagsagawa ng pananaliksik na pinamagatang, “Technology Integration in English Language Teaching and Learning: Benefits and Challenges”. Napagalaman sa pag-aaral na ito na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagkatuto sa wikang Ingles ay nagbigay halaga upang matuto ang mga mag-aaral sa paggamit ng codes sa pagbabasa, napaunlad ang kanilang iscor sa pagsusulat sa wikang Ingles, at nagkaroon ng maraming pagkakataong paunlarin ang kanilang kasanayan sa pakikinig. Ngunit, mayroong mga balakid na kinaharap ang mga mag-aaral sa kanilang paggamit ng teknolohiya kabilang ang uri ng teknolohiyang ginamit, mabilis na pagpapalit-palit ng teknolohiya, oras na inilaan sa teknolohiya, kakayahan sa paggamit ng teknolohiya, at gulang ng mga mag-aaral na gumamit ng teknolohiya.

Mayroong pagkakatulad ang pag-aaral ni Rintaningrum sa pag-aaral na ito dahil nakatuon sa integrasyon ng teknolohiya sa pag-aaral ng wika. Ngunit, ang pag-aaral ni Rintaningrum ay mas malawak dahil tinaya nito ang epekto ng teknolohiya sa lahat ng makrong kasanayan sa wika mula sa pagsusulat, pakikinig, pagbabasa, at pagsasalita. Sa karagdagan, inalam din ni Rintaningrum ang mga balakid sa integrasyon ng teknolohiya sa pag-aaral ng wika.

Ang mga binanggit na pag-aaral sa bahaging ito ay nagpatibay sa

kahalagahan ng paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya upang linangin ang kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay nagbigay ng malawak at malalim na pag-unawa sa mga nasabing paksa kung kaya sila ay binanggit sa pag-aaral na ito sa kabila ng mga pagkakaiba sa metodolohiyang ginamit, lawak, at lalim ng mga naunang pananaliksik.

Kabanata 3

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga ginamit na metodolohiya upang isagawa ang pag-aaral na ito. Ang kabanatang ito ay naglalaman ng pagtalakay sa disenyo ng pananaliksik, lokal ng pag-aaral, instrumentasyon, balidasyon ng instrumento, pamamaraang sampling, paglikom ng mga datos, at paglalapat estadistika ng mga datos.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong uri ng pananaliksik upang tayain ang integrasyon ng teknolohiya sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Ikalawang Baitang sa mga baybaying paaralan ng Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, sa Taong Panuruan 2023-2024, bilang batayan sa paggawa ng mga sulating pansanay ng mga mag-aaral.

Inilarawan sa pag-aaral na ito ang profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo, gamit ang deskriptibong disenyo ng pag-aaral. Inilarawan din sa pag-aaral na ito ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kanilang gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, mga gadyet na ginagamit sa

bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, gamit ang deskriptibong uri ng pananaliksik.

Sa karagdagan, ang pananaw ng mga guro at mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ay tinaya sa pag-aaral na ito ayon sa mga aspeto ng paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, gamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik. Ang pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ay tinaya sa pag-aaral na ito ayon sa mga aspetong pamumuno, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran, gamit ang deskriptibong disenyo ng pag-aaral. Ang antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinukoy sa pag-aaral na ito batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino, gamit ang deskriptibong uri ng pag-aaral.

Samantala, nagsagawa ng komparatibong pag-aanalisa upang tayain ang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa dalawang aspetong nabanggit; at ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa apat na aspetong nabanggit.

Isinagawa rin ang korelesyunal na pag-aanalisa upang tukuyin ang kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot

sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa dalawang aspetong nabanggit at ang profayl ng mga gurong tagasagot at profayl ng mga mag-aaral na tagasagot; sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa apat na aspetong nabanggit at ang profayl ng mga gurong tagasagot at profayl ng mga mag-aaral na tagasagot; at sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang sumusunod na mga baryet: profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, at pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar.

Ang mga deskriptibo at inferential na estadistikang panukat ay ginamit upang tayain ang mga data. Ang mga ito ay ang Dalas ng Bilang, Bahagdan, Tamtaman, Median, Weighted Mean, Median Absolute Deviation (MAD), Chi Square Test, Cramer's V Test, Spearman's Rank Order Coefficient of Correlation (Spearman's rho), at Fisher's t-Test.


Lokal ng Pag-aaral

Figura 2 ay nagpapakita ng lokal ng pag-aaral, ang mga pampublikong paaralang primarya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga pampublikong paaralang primarya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, na bahagi ng Pamahalaang

Figura 2

Ang Mapa na Nagpapakita ng Lokal ng Pag-aaral



Lokal ng Zumarraga, Lalawigan ng Samar.

Ang mga paaralang ito ay ang Alegria Elementary School (ES), Arteche ES, Bioso ES, Boblaran ES, Botaera ES, Camayse ES, Ibarra ES, Lumalantang ES, Macalunod ES, Maga-an ES, Maputi ES, Marapelit ES, Mombon ES, Mualbual ES, Pangdan ES, Poro ES, San Isidro ES, Sugod ES, Talib ES, Tinaogan ES, Tubigan ES, at Zumarraga Central Elementary School. Ang mga paaralang ito ay matatagpuan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, sa Bayan ng Zumarraga, Lalawigan ng Samar. Ang Bayan ng Zumarraga ay isang 5th class na komunidad sa Lalawigan ng Samar na mayroong populasyong tinaya sa 16,295 batay sa 2015 Census ng Population ng Philippine Statistics Authority (PSA). Ang Zumarraga ay dating tinatawag na Buad, Rawis, o Kawayan bilang isang heritage zone dahil sa karamihan ng mga makalumang mga bahay sa kabisera ng komunidad (DILG, 2013).

Instrumentasyon

Ang talatanungan at pagsusulit ang dalawang instrumentong ginamit sa paglikom ng mga datos sa pag-aaral na ito.

Talatanungan. Ang mananaliksik ay gumamit ng isang istandard na talatanungan upang malikom ang mga datos. Mayroong dalawang uri ng talatanungan na binuo ng apat na bahagi. Ang unang uri ng talatanungan ay para sa mga gurong tagasagot, samantalang ang ikalawang uri ay para sa mga mag-aaral na tagasagot.

Ang unang bahagi ng dalawang talatanungan ay binuo ng pinaghalong supply at tseklist na mga aytem hinggil sa profayl ng mga tagasagot. Ang bahaging ito ay binuo ng mga aytem hinggil sa gulang at kasarian, kabuuang

buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino, at bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT para sa mga gurong tagasagot. Samantala, ang bahaging ito ay binuo ng mga aytem hinggil sa gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, at mga kagamitang pansulat sa bahay para sa mga mag-aaral na tagasagot. Sa bahaging ito, pinunan ng mga tagasagot ang bawat blankong linya ng kanilang mga tamang sagot o lagyan ng tsek ang blankong linya ng angkop na sagot.

Ang ikalawang bahagi ng dalawang talatanungan ay isang tseklist na binuo ng 19 na mga pangungusap hinggil sa saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ng mga tagasagot. Ang mga pangungusap na ito ay halaw sa Attitude towards ICT Integration into Curriculum of Suleimen (2019). Sa bahaging ito, ang mga tagasagot ay naglagay ng tsek na marka sa angkop na kolum ng kanilang kasagutan gamit ang sumusunod na limang puntong-iskala: 5 para sa Lubos na Sumasang-ayon, 4 para sa Sumasang-ayon, 3 para sa Hindi Sigurado, 2 para sa Hindi Sumasang-ayon, at 1 para sa Lubos na Hindi Sumasang-ayon.

Ang ikatlong bahagi ng dalawang talatanungan ay isang tseklist na binuo ng mga pangungusap hinggil sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa mga aspeto ng paggawa ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino. Ang mga pangungusap sa bahaging ito ay halaw sa

Stages of ICT Development Model of Majumdar (Castillo, 2017). Sa bahaging ito, ang mga tagasagot ay naglagay ng tsek na marka sa angkop na kolum ng kanilang mga sagot gamit ang sumusunod na limang puntong iskala: 5 para sa Lubos na Handa, 4 para sa May Kahandaan, 3 para sa Katamtamang Kahandaan, 2 para sa Hindi Gaanong Handa, at 1 para sa Hindi Handa.

Ang ikaapat na bahagi ng dalawang talatanungan ay isang tseklist na binuo ng mga pangungusap o katanungan hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ay tinaya sa pag-aaral na ito ayon sa mga aspetong pamumuno, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran. Ang mga pangungusap sa bahaging ito ay halaw sa Handbook on Monitoring and Evaluation of ICT in Education of Wagner et al. (Castillo, 2017). Sa bahaging ito, naglagay ang mga tagasagot ng tsek na marka sa kolum gamit ang apat na puntong iskala: 4 para sa Palagi na nangangahulugang 75-100 bahagdan ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan; 3 para sa Parati na nangangahulugang 50-75 bahagdan ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan; 2 para sa Malimit na nangangahulugang 25-50 bahagdan ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan; at Hindi na nangangahulugang 0-25 bahagdan ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan.

Pagsusulit. Ang pagsusulit ay sariling gawa ng mananaliksik na tumaya sa antas ng kakayahan sa pagsusulat ng Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot. Ang mananaliksik ay nagbigay ng mga paksa na susulatin ng mga mag-aaral. Isa hanggang dalawang talata lamang ang maaaring isulat ng mga mag-aaral na tagasagot. Tinaya ang iskor ng mga mag-aaral na tagasagot gamit

Talahanayan 1

Rubrics sa Pagtataya sa Antas ng Kakayahan sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Pamantayan	4	3	2	1
Nilalaman	Malaman, tiyak, Katamtamang nagpapakita ng pagpapahayag ng nilalaman sa nilalaman na may pamamagitan ng sakto at angkop mga datos, paliwanag at pagpapalawak halimbawa, at pagpapaliwanag sa nilalaman	Limitadong ng nilalaman na may kaunting sa nilalaman at napakakaunting halimbawa at pagpapaliwanag sa nilalaman	Mababaw na pagpapahayag sa nilalaman at napakakaunting halimbawa at pagpapaliwanag sa nilalaman	
Organisasyon	Mahusay na pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa bawat talata at magandang mayroong; mahusay na pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa panimula at kongklusyon	Mabuting pagkakaayos ng mga ideya sa bawat talata na magandang pagkakaayos ng mga ideya sa panimula at kongklusyon	Hindi parehong pagkakaayos ng mga ideya sa bawat talata; walang maayos ang mga ideyang nais ilahad sa panimula at kongklusyon	Maliit na ebidensya ng pagkakaayos ng mga ideya sa bawat talata; walang pagkakaayos ang mga ideya sa panimula at kongklusyon
Istilo	Angkop na paggamit ng mga salita at istruktura ng pangungusap upang maipahiwatig ang tono at boses ng nilalaman sa bawat talata	Pagpili ng panlahat na mga salita at istruktura ng pangungusap, subalit naipapahiwatig pa rin ang boses at tono ng nilalaman sa bawat talata	Limitadong pagpili ng mga salita at istruktura ng pangungusap	Walang kalidad na pagpili ng mga salita sa bawat pangungusap at hindi Magandang istruktura ng pangungusap

ang rubrics sa Talahanayan 1.

Makikita sa Talahanayan 1 na ang antas ng kakayahan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ay tatayain gamit ang tatlong pamantayan: ang Nilalaman, ang Organisasyon, at ang Istilo ng pagsulat.

Balidasyon ng Instrumento

Tanging ang pagsusulit lamang ang sumailalim sa balidasyon dahil ito ay sariling gawa ng mananaliksik. Ang kopya ng mga paksang ibinigay sa mga mag-

aaral na tagasagot ay isinumite muna sa Pampurok na Tagamasid sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, upang tuusin kung angkop sa intelektuwal at kognitibong kakayahan ng mga mag-aaral sa Ikalawang Baitang ang mga susulating paksa. Pagkatapos ng pagsusuri ng nasabing opisyal, isinagawa ng mananaliksik ang pagrebisa sa mga paksa sa pagsusulit sa pagsusulat ng Filipino.

Pagkatapos nito, isinumite ang mga paksang narebisa ng pampurok na tagamasid sa tagapayo ng mananaliksik at sa miyembro ng lupon ng pasalitang pagsusulit. Pagkatapos ng pagsang-ayon ng mga nasabing eksperto sa balidasyon ng nilalaman, ang kopya ng pagsusulit ay ginawang pinal upang ito ay sumailalim sa test-retest method upang mataya ang kakayahan ng mga mag-aaral na sulatin ang mga paksa. Kumuha ng isang buong klase ng mga mag-aaral sa Ikalawang Baitang sa Artech Elementary School ang mananaliksik upang magsilbing tagasagot ng pag-aaral na sumailalim sa pagsusulit bilang bahagi ng test-retest method.

Ang paunang pagsusulit ay isinagawa at pagkatapos ng tatlong araw ay isinagawa rin ang panghuling pagsusulit. Ginamit ang Pearson's Product-Moment Coefficient of Correlation (Pearson's r) upang tayain ang pagkakaiba ng resulta ng mga iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa pauna at panghuling pagsusulit. Kung ang kalalabasan ng r valyu ay mataas, ito ay masasabing reliable at maaaring gamitin sa pagtataya sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

Pamamaraang Sampling

Ang mga tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga guro at mga mag-

Talahanayan 2

Ang mga Mag-aaral na Tagasagot sa bawat Paaralang Elementarya

Paaralan	Kabuuang Bilang	Sample Size
Alegria Elementary School (ES)	14	5
Arteche ES	24	8
Bioso ES	36	13
Boblaran ES	10	4
Botaera ES	13	5
Camayse ES	16	6
Ibarra ES	8	3
Lumalantang ES	15	5
Macalunod ES	14	5
Maga-an ES	20	7
Maputi ES	19	7
Marapelit ES	17	6
Mombon ES	10	4
Mualbual ES	16	6
Pangdan ES	7	2
Poro ES	4	1
San Isidro ES	28	10
Sugod ES	11	4
Talib ES	8	3
Tinaogan ES	26	9
Tubigan ES	11	4
Zumarraga Central Elementary School	47	16
Kabuuan	374	133

aaral sa Ikalawang Baitang ng Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, sa Taong Panuruan 2023-2024. Ang mga tagasagot ay nanggaling sa Alegria Elementary School (ES), Arteche ES, Bioso ES, Boblaran ES, Botaera ES, Camayse ES, Ibarra ES, Lumalantang ES, Macalunod ES, Maga-an ES, Maputi ES, Marapelit ES, Mombon ES, Mualbual ES, Pangdan ES, Poro ES, San Isidro ES, Sugod ES, Talib ES, Tinaogan ES, Tubigan ES, at Zumarraga Central Elementary School. Ginamit ang kabuuang bilang sa pagtaya sa mga gurong tagasagot dahil mayroong 165 na mga guro sa mga paaralan sa nasabing Distrito.

Samantala, ang stratified random sampling ay ginamit upang tukuyin ang mga mag-aaral na tagasagot sa bawat paaralan sa nasabing Distrito. Ang kabuuang bilang ng mga nakatala sa kasalukuyang panuruan ay tinaya sa 374. Gamit ang Slovin's formula, ang sample size ay tinaya sa 133. Makikita ang pagkakabahagi ng mga mag-aaral at mga guro sa bawat paaralan sa Talahanayan 2.

$$n = \frac{N}{1 + Ne^2}$$

kung saan:

- n - sample size;
- N - total population;
- 1 - constant; and
- e - margin of error.

Pagkatapos na mataya ang sample size, isinagawa ang stratified random sampling upang makuha ang tamang bilang nga mga mag-aaral na tagasagot sa bawat paaralang elementarya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, na makikita sa Talahanayan 2.

Paglikom ng mga Datos

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng sarbey gamit ang talatanungan at pagsusulit na pasulat sa pagkalap ng mga datos sa pag-aaral na ito. Bago isagawa ang pag-aaral na ito, tiniyak ng mananaliksik na may karampatang legalidad ang pagsasagawa ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot sa mga kinauukulan. Ang mananaliksik ay gumawa ng liham paghingi ng pahintulot mula sa Pansangay na Tagapamahala ng Sangay ng Samar upang

maisagawa ang pag-aaral sa 22 pampublikong paaralang elementarya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar sa kasalukuyang panuruan. Sa karagdagan, ang mananaliksik ay nagsagawa ng isa pang liham paghingi ng pahintulot mula sa Pampurok na Tagamasid ng Distrito ng Zumarraga upang maipamahagi ang mga instrumentong gagamitin sa pag-aaral na ito.

Nagsagawa rin ng liham paghingi ng pahintulot sa Punong Guro ng Zumarraga Central Elementary School, sa mga Ulong Guro ng ibang mga paaralan, at sa mga Teachers-in-Charge sa iba pang mga paaralan upang maipamahagi ang mga instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito. Pagkatapos na maipamigay ang liham at mabigyan ng karampatang pahintulot na isagawa ang pag-aaral, ang mananaliksik ay nagbigay ng mga talatanungan sa oras ng kanilang klase mula Lunes hanggang Biyernes hanggang sa maubos bigyan ng talatanungan ang mga mag-aaral. Pagkatapos na masagutan ang talatanungan pagkalipas ng mga tatlong minuto, ibinigay sa mga mag-aaral na tagasagot ang pagsusulit na pasulat. Bibigyan ng isa at kalahating oras ang mga mag-aaral na gawin ang pagsusulit na pasulat batay sa ibinigay na panuto sa nasabing pagsusulit. Sinikap maisagawa ng mananaliksik ang paglikom ng mga datos sa loob ng tatlong linggo pagkatapos ng paunang pasalitang pagsusulit sa Gradwadong Paaralan ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan.

Sa huli, inayos ng mananaliksik ang mga datos, inilagay sa Microsoft Excel format, at isinumite sa eksperto sa estadistika upang malapatang ng karampatang kwantitatibong pag-aanalisa.

Paglalatap Estadistika ng mga Datos

Ang mga deskriptibo at inferential na estadistikang panukat ay ginamit

upang tayain ang mga data. Ang mga ito ay ang Dalas ng Bilang, Bahagdan, Tamtaman, Median, Weighted Mean, Median Average Deviation (MAD), Standard Deviation (SD), Spearman's Rank Order Coefficient of Correlation (Spearman's rho), at Fisher's t-Test.

Dalas ng Bilang o Frequency Count. Ang dalas ng bilang o frequency count ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay ng mga datos personal ng mga tagasagot ng pag-aaral. Ito ay ginamit upang mataya ang dalas ng bilang ng gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo ng mga gurong tagasagot. Samantala, ang estadistikang ito ay ginamit upang tayain ang dalas ng bilang ng gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, mga gadyet na ginagamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ng mga mag-aaral na tagasagot.

Bahagdan o Percentage. Ang bahagdan o percentage ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay sa bigat ng bilang ng mga datos personal ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot. Ito ay ginamit upang mataya ang bahagdan ng gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at

panteknolohiyang gamit sa pagtuturo ng mga gurong tagasagot. Samantala, ang estadistikang ito ay ginamit upang tayain ang bahagdan ng gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, mga gadyet na ginagamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ng mga mag-aaral na tagasagot.

Ang pomulang ginamit ay (Freund & Simon, 1992):

$$P = f/N \times 100$$

kung saan:

P = ang natasang bahagan;

F = dalas ng bilang ng kategorya ng personal na datos; at

N = kabuuang bilang ng tagasagot.

Mean Absolute Deviation. Ang estadistikang ito ay ginamit upang maibigay ang kwantitatibong paglalahad sa pangkalahatang gawi ng mga datos tulad ng gulang. Ang pormulang ginamit ay (Freund & Simon, 1992):

$$\mu = \frac{\sum X}{N}$$

Kung saan:

$\bar{\mu}$ = ang natayang mean;

X = ang valyu ng nasumpungang varyabol; and

N = ang kabuuang bilang ng sampol.

Standard Deviation. Ginamit ang estadistikang ito upang matiyak ang dispersyon ng mga datos mula sa tamtaman tulad ng gulang, kabuuang buwanang kita ng pamilya, at iba pa. Ang pormulang ginamit ay (Freund &

Simon, 1992):

$$\sigma = \sqrt{\frac{1}{N} \sum_{i=1}^N (x_i - \mu)^2}$$

kung saan: σ ay ang natayang standard deviation;

$x_i - \mu^2$ ang squared deviation sa pagitan ng score ng categorical value at ang mean; at

N ay ang kabuuang bilang ng sampol.

Weighted Mean. Ang estadistikang ito ay ginamit sa pagtataya ng saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ng mga guro at mag-aaral na tagasagot; antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa pananaw ng mga guro at mag-aaral na tagasagot; at antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa pananaw ng mga guro at mag-aaral na tagasagot gamit ang limang puntos na iskalang Likert gamit ang sumusunod na pormula (Freund & Simon, 1992):

$$\mu_w = \frac{\sum f_i W_i}{N}$$

kung saan: μ_w = ay ang natayang weighted mean;

f = ang dalas ng bilang ng nasumpungang kategorya;

W = ang assigned weight ayon sa iskalang Likert na limang puntos; at

N = ang kabuuang bilang ng sampol

Chi Square. Ito ay isang non-parametric statistical test na ginagamit upang madetermina ang kahalagahan ng asosasyon sa pitan ng isa o higit pang kategorikal na baryabol sa isang sampol.

Cramers V Test. Ginamit ang estadistikang ito upang masukat ang kahalagahan ng asosasyon sa pagitan ng dalawang nominal na baryabol. Ang lawak nito ay mula sa 0 hanggang 1. Kung saan ang 0 ay indikasyon na walang asosasyon sa pagitan ng dalawang baryabol, at 1 na indikasyon sa iksaktong asosasyon sa pagitan ng dalawang baryabol.

Spearman's Rank Coefficient of Correlation (Spearman's rho). Ginamit ang Spearman's rho sa pagtukoy ng kaugnayan sa pagitan pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa dalawang aspetong nabanggit at ang profayl ng mga gurong tagasagot at profayl ng mga mag-aaral na tagasagot; sa pagitan ng pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa apat na aspetong nabanggit at ang profayl ng mga gurong tagasagot at profayl ng mga mag-aaral na tagasagot; at sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang sumusunod na mga baryet: profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, at pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar (Freund & Simon, 1992):

$$r_{xy} = \sqrt{\frac{N\Sigma xy - (\Sigma x)(\Sigma y)}{[N\Sigma x^2 - (\Sigma x)^2][N\Sigma y^2 - (\Sigma y)^2]}}$$

Kung saan: r = the computed statistical value

x = the independent variables (factors)

y = the predicted variable

N = the number of cases

Σ = the summation notation

Ang degri ng korelasyon ay binigyang interpretasyon batay sa Talahanayan ng Degri ng Linear Relationship na minungkahi ng SRTC (2003).

Fisher's t-test. Ginamit ang estadistikang ito upang masubok ang halaga ng nakuhang Spearman's rho. Ang pormulang ginamit ay (Best & Khan, 1998):

$$t = r \sqrt{\frac{N - 2}{1 - r^2}}$$

Where: t ay tumutukoy sa natuos na Fisher's t ;

r ay tumutukoy sa halaga ng Pearson r ; at

N ay tumutukoy sa bilang ng paired na sampol

Talahanayan 3

Degri ng Linear Relationship

Coefficient of Linear Association	Interpretation
0	No linear association
$0 < p < \pm 0.2$	Very weak linear association
$\pm 0.2 \leq p < \pm 0.4$	Weak linear association
$\pm 0.4 \leq p < \pm 0.6$	Moderate linear association
$\pm 0.6 \leq p < \pm 0.8$	Strong linear association
$\pm 0.8 \leq p < \pm 1.0$	Very strong linear association
± 1.0	Perfect linear association

Ang mga epotesis ay sinubok sa .05 antas ng halaga bilang batayan ng pagtanggap o pagtanggi. Sa pagtiyak kung ang epotesis ay tatanggapin o tatanggihan ang sumusunod na decision rule ay ang ginawang batayan: tatanggapin ang epotesis kung ang natuos na halaga ay lubhang mababa kaysa kritikal na halaga o ang p-valyu ay mas mataas kaysa .05 at tatanggihan ang epotesis kung ang natuos na halaga ay kaparehas o mas mataas pa kaysa kritikal na halaga o ang p-valyu ay kaparehas o mas mababa kaysa .05.

Kabanata 4

PAGLALAHAD, PAGSUSURI, AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad sa mga nakalap na mga datos na may kalakip na pagsusuri at pagpapakahulugan. Kalakip dito ang mga sumusunod: ang profayl ng mga gurong tagasagot, ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa pananaw ng mga guro at mag-aaral na tagasagot, pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, kaugnayan sa pagitan ng antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at ang mga piling baryet, antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan, pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan, kaugnayan sa pagitan ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan at ang mga piling baryet, antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino, at kaugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot at ang mga piling baryet.

Profayl ng mga Gurong Tagasagot

Ang bahaging ito ay nagpapahayag ng profayl ng mga gurong tagasagot ayon sa gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na

edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo.

Gulang at Kasarian. Makikita sa Talahanayan 4 ang pamamahagi ng mga gurong tagasagot ayon sa gulang at kasarian.

Talahanayan 4

Gulang at Kasarian ng mga Gurong Tagasagot

Gulang	Kasarian		Kabuuan	%
	Lalaki	Babae		
54 – 58	0	2	2	1.21
49 – 53	0	4	4	2.42
44 – 48	0	10	10	6.06
39 – 43	0	12	12	7.27
34 – 38	32	40	72	43.64
29 – 33	12	53	65	39.40
Kabuuan	44	121	165	100.00
%	26.67	73.33	100.00	
Median	36 taon gulang			
MAD	2 taon			

w=p<.001<.05 hindi normal ang pamamahagi ng mga datos

Mababatid mula sa talahanayan na ang mga gurong tagasagot ay nasa 29 hanggang 58 taon gulang na may median na 36 taon gulang at may mean absolute deviation (MAD) na 2 taon. Ibig ipahiwatig dito na ang mga gurong tagasagot ay relatibong mga bata pa na halos nagkakapareho lang ang kanilang edad. Silay ay nasa kalagayan ng kanilang mga taong gulang na may malakas na pangangatawan na kayan gampanan ang kanilang mga tungkulin.

Sa karagdagan, karamihan sa mga gurong tagasagot ay mga babae na binubuo ng 121 o 73.33 bahagdan. Ang mga lalaking gurong tagasagot ay binubuo ng 44 o 26.67 bahagdan lamang. Ito ay napapakita na mas nakakarami ang mga babae and sumasama sa pagtuturo bilang isang propesyon.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Mula sa Talahanayan 5 mababatid ang kabuuang buwanang kita ng pamilya ng mga gurong tagasagot.

Talahanayan 5

Kabuuang Buwang Kita ng Pamilya ng mga Gurong Tagasagot

Buwanang Kita	Bilang	%
Php40,000 – Php44,999	4	2.42
Php35,000 – Php39,999	8	4.85
Php30,000 – Php34,999	28	16.97
Php25,000 – Php29,999	17	10.30
Php20,000 – Php24,999	33	20.00
Php15,000 – Php19,000	62	37.58
Php10,000 – Php14,999	13	7.88
Kabuuang	165	100.00
Median	Php19,500.00	
MAD	Php3,500.00	

$w=p<.001<.05$ hindi normal ang pamamahagi ng mga datos

Ang kabuuang buwanang kita ng pamilya ng mga gurong tagasagot ay naglalaro sa Php10,000 hanggang Php44,999 na may median na Php19,500 at MAD na Php3,500. Ito ay nagpapahiwatig na sila ay may sapat na buwanang kita na kayang suportahan ang mga pangangailangan ng bawat miyembro ng pamilya.

Mataas na Edukasyon na Natamo. Mula sa Talahanayan 6 ay makikita ang mataas na edukasyon na natamo ng mga gurong tagasagot.

Talahanayan 6

Mataas na Edukasyon na Natamo ng mga Gurong Tagasagot

Lebel	Bilang	%
Nakapagtapos ng Gradwadong Pag-aaral	13	7.88
May Yunits sa Gradwadong Pag-aaral ngunit hindi Nakapagtapos	108	65.45
Batsilyer sa Edukasyon Lamang	44	26.67
Kabuuan	165	100.00

Mula sa nasabing talahanahay ay mababatid na karamihan sa mga gurong tagasagot ay may yunits sa gradwadong pag-aaral na binubuo ng 108 o 65.45. Ito ay nagpapahiwatig na hindi nakuntento ang mga gurong tagasagot bilang batsilyer sa edukasyon lamang subalit sila ay nagpatuloy sa pag-aaral sa gradwadong paaralan para sa kanilang propesyonal na pag-unlad at mapataas ang kanilang pedagogy sa pagtuturo.

Bilang ng Taon sa Pagtuturo sa Filipino. Mula sa Talahanayan 7 ay makikita ang bilang ng taon sa pagtuturo ng mga gurong tagasagot.

Talahanayan 7

Bilang ng Taon sa Pagtuturo sa Filipino ng mga Gurong Tagasagot

Taon ng Pagtuturo	Bilang	%
20 Taon at Mahigit	12	7.27
15 Taon – 19 Taon	5	3.03
Anim na Taon – 10 Taon	122	73.94
Mababa sa Limang Taon	10	6.06
Di Binanggit	16	9.70
Kabuuan	165	100.00

Ihinahayag sa talahanayan na maliban sa 16 o 9.70 bahagdan, ang mga gurong tagasagot ay naging tagapagturo ng Filipino sa mababa sa limang taon hanggang mahigit 20 taon kung saan karamihan sa kanila ay nagturo ng anim na taon hanggang 10 taon na binubuo ng 122 o 73.94 bahagdan.

Salingkurang Pagsasanay sa Filipino. Makikita sa Talahanayan 8 ang dalas sa pagdalo ng mga gurong tagasagot sa salingkurang pagsasanay sa Filipino sa magkaiba-ibang lebel – nasyunal, rehiyunal, pansangay, pampurok, at pampaaralan.

Talahanayan 8

Salingkurang Pagsasanay sa Filipino ng mga Gurong Tagasagot

Lebel	Tamtaman	Kahulugan
Nasyunal	1.05	Hindi
Rehiyunal	1.51	Kalimitan
Pansangay	2.00	Kalimitan
Pampurok	2.88	Kadalasan
Pampaaralan	3.17	Kadalasan

Pinagmulan:	3.50-4.00	Palagi
	2.50-3.49	Kadslasan
	1.50-2.49	Kalimitan
	1.00-1.49	Hindi

Mababatid sa talahanayan na ang mga gurong tagasagot ay hindi nakadalo sa nasyunal na pagsasanay sa Filipino. Sila ay kalimitan na nakakadalo sa rehiyunal at pansangay na pagsasanay sa Filipino at kadalasan sila ay nakakadalo sa pampurok at pampaaralan na mga lebel.

Ang naturang datos ay nahahayag na ang mga gurong tagasagot ay may sapat na pagsasanay sa Filipino na magpapataas ng antas ng kanilang pagtuturo bilang isa sa mga programa ng Kagawaran ng Edukasyon.

Salingkurang Pagsasanay sa ICT. Mababatid sa talahanayan na ang mga gurong tagasagot ay hindi nakadalo sa nasyunal na pagsasanay sa ICT. Sila ay kalimitan na nakakadalo sa rehiyunal at pansangay na pagsasanay sa ICT at kadalasan sila ay nakadadalo sa pampurok at pampaaralan na mga lebel. Ang naturang datos ay nahahayag na ang mga gurong tagasagot ay may sapat na pagsasanay sa Filipino na magpapataas ng kalidad ng kanilang pagtuturo bilang isa sa mga programa ng kagawaran.

Talahanayan 9

Salingkurang Pagsasanay sa ICT ng mga Gurong Tagasagot

Lebel	Tamtaman	Kahulugan
Nasyunal	1.00	Wala
Rehiyunal	1.80	Kalimitan
Pansangay	2.10	Kalimitan
Pampurok	2.78	Kadalasan
Pampaaralan	3.10	Kadalasan

Pinagmulan: 3.50-4.00 Palagi
 2.50-3.49 Kadalasan
 1.50-2.49 Kalimitan
 1.00-1.49 Wala

Salobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon.

Mababatid sa Talahanayan 10 na ang mga gurong tagasagot ay lubos na sumasang-ayon sa 18 na mga indiktor na nagsasaad ng kanilang salobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon at ang natitirang isang indiktor ay sinang-ayunan nila na may tamtaman mula 4.46 hanggang 5.00. Ang salobin na nagsasaad na “makapagbigay ng motibasyon sa mga gawaing pangkurikulum” ang nakakuha ng pinakamataas na tamtaman samantala ang “magtamo ng pang-unawang kultural” naman ang nakakuha ng pinakamababa.

Talahanayan 10

Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon ng mga Gurong Tagasagot

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
Ang integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ay nakatutulong upang _____		
1. makapagtamo ng mga kasanayan sa pagsabay sa mga pagbabagong pangteknolohiya	4.92	LSA
2. malinang ang makabuluhang kompetensi sa tiyak na mga aspeto ng kurikulum	4.85	LSA
3. makapagbuod ng kaalaman	4.78	LSA
4. aktibong makapaggawa ng kanilang kaalaman sa pakikipagtulungan sa kanilang mga kaklase at iba pa	4.73	LSA
5. aktibong makapaggawa ng kaalamang may integrasyon sa ibang aspeto ng kurikulum	4.85	LSA
6. malinang ang malalim na pang-unawa hinggil sa mga paksang makabuluhan at may kawilihan ang mga mag-aaral sa pag-aaral sa iba't ibang aspeto ng kurikulum	4.75	LSA
7. malinang ang syentipikong pang-unawa sa mundo	4.66	LSA
8. makapagbigay ng motibasyon sa mga gawaing pangkurikulum	5.00	LSA
9. magplano o mamahala ng mga proyektong pangkurikulum	4.84	LSA
10. integrasyon ng iba't ibang midya sa pagbuo ng mga angkop na produkto sa Filipino	4.85	LSA
11. makilahok sa mga gawaing pangkurikulum	4.85	LSA
12. maipakita kung ano ang mga natutunan	4.93	LSA
13. magsagawa ng mga pormal na pagtataya ng kaalaman ng mga mag-aaral	4.78	LSA
14. magtamo ng kamalayan sa implikasyon ng paggamit ng mga ICT na kagamitan sa lipunan	4.75	LSA
15. magtamo ng pang-unawang kultural	4.46	SA
16. kritikal na pagtataya sa mga gawi ng mga mag-aaral sa klase at sa lipunan	4.63	LSA
17. makipagtalastasan sa ibang tao	4.78	LSA
18. makilahok sa malayang pagkatuto sa pamamagitan ng pag-access sa edukasyon at pag-aangkop ng bilis ng pagkatuto ayon sa kanilang likas na mga kakayahan	4.85	LSA

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
19. maunawaan ang mga pagbabago sa kaalaman	4.77	LSA
Kabuuang Tamtaman	4.79	
Kahulugan	Lubos na Sumasang-ayon	
Pinagmulan:		
4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon	(LSA)
3.50-4.49	Sumasang-ayong	(SA)
2.50-3.49	Hindi Sigurado	(HS)
1.50-2.49	Hindi Sumasang-ayon	(HAS)
1.00-1.49	Lubos na Di Sumasang-ayon	(LDSA)

Sa kabuuan, ang mga gurong tagasagot ay lubos na sumasang-ayon sa kanilang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon na pinatunayan ng kabuuan tamtaman na 4.79. Ibig sabihin dito na sila ay may lubhang kapaki pakinabang dito sa pagpapataas ng kalidad ng kanilang pagtuturo.

Teknolohiyang Gamit sa Pagtuturo. Mababatid sa Talahanayan 11 na karamihan sa mga gurong tagasagot ay gumagamit ng computer/laptop/desktop na binubuo ng 120 or 72.73 bahagdan.

Talahanayan 11

Pangteknolohiyang Gamit sa Pagtuturo ng mga Gurong Tagasagot

Gamit	Bilang	%
Microsoft PowerPoint	12	7.27
Internet-based Writing Tools (e.g. Quill, Edublogs, ThinkCERCA)	18	10.91
Computer/Laptop/Desktop	120	72.73
Tablets/Mobile Phones	15	9.09
Kabuuan	165	100.00

Ibig ipahiwatig dito na ang computer/laptop/desktop ang kadalasan nagagamit ng mga gurong tagasagot sa pagtuturo sa Filipino na maaaring ipinamahagi ng kagawaran o kaya personal nilang pag-aari.

Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Ang bahaging ito ay naghahayag ng profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa gulang at kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, mga gadyet na ginagamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon.

Gulang at Kasarian. Ang gulang ng mag-aaral na tagasagot maliban sa 21 o 10.82 bahagdan na hindi nagbanggit, ay naglalaro mula pitong taon gulang hanggang siyam na taon gulang kung saan karamihan sa kanila ay nasa pitong taon gulang na binubuo ng 146 o 75.26 bahagdan

Talahanayan 12

Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral Tagasagot

Gulang	Kasarian			Kabuuang	%
	Lalaki	Babae	Di-Binanggit		
9	0	9	0	9	4.64
8	9	9	0	18	9.28
7	69	77	0	146	75.26
Di-Binanggit	0	0	21	21	10.82
Kabuuang	78	95	21	194	100.00
%	40.21	48.97	10.82	100.00	

Ang naturang datos ay naghahayag na ang mga mag-aaral na tagasagot ay nasa tamang edad para sa lebel ng kanilang pag-aaral. Ibig sabihin dito na sila ay may kahandaan para sa mga leksyon na kanilang pag-aaral.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Ipinahahayag sa Talahanayan 13 na ng mga pamilya ng mag-aaral na tagasagot ay may kabuuang buwanang

Talahanayan 13

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Kita	Bilang	%
Php10,000 – Php29,999	22	11.34
Mababa sa Php10,000	46	23.71
Di-Binanggit	126	64.95
Kabuuan	194	100.00

kita mula sa mababa sa Php10,000 hanggang Php29,999. Subalit, karamihan sa kanila ay hindi binanggit ang datos na ito na binubuo ng 126.64.95 bahagdan. Mula sa nahayag na datos, ang mga pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot ay medyo mataas na kabuuang buwang kita na sapat upang matustusan ang mga pangangailang ng bawat miyembro ng pamilya.

Sanligan Edukasyon ng mga Magulang. Sa Talahanayan 14 ay makikita na ang sanligan edukasyon na naabot ng mga tatay ng mag-aaral na tagasagot ay mula sa lebel ng elementarya hanggang lebel ng sekundarya. Subalit, karamihan sa kanila ay hindi binanggit ang kanilang sanligan edukasyon na natamo na

Talahanayan 14

Sanligang Edukasyon ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Lebel ng Pag-aaral	Tatay		Nanay	
	Bilang	%	Bilang	%
Umabot ng Elementarya pero Hindi Nakapagtapos	42	21.65	9	4.64
Nakapagtapos ng Elementarya	31	15.98	33	17.01
Umabot ng Sekundarya pero Hindi Nakapagtapos	6	3.09	17	8.76
Umabot ng Kolehiyo pero Hindi Nakapagtapos	0	0.00	11	5.67
Gradwado ng Kolehiyo	0	0.00	9	4.64
Di-Binanggit	115	59.28	115	59.28
Kabuuan	194	100.00	194	100.00

binubuo ng 115 o 59.28 bahagdan. Sa mga ina naman, sila ay nakatamo ng saligan edukasyon mula sa lebel ng elementarya hanggang gradwadong pag-aaral. Subalit, ganon din, karamihan sa kanila ay hindi binanggit ang kanilang sanligan edukasyon na natamo na binubuo ng 115 o 59.28 bahagdan. Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay mga literado. Ibig sabihin sila ay may kakayahang makabasa, makapagsulat, at makaintindi ng simpleng mensahe kalakip ang kaalaman sa pagtuos ng simpleng matimatika.

Hanapbuhay ng mga Magulang. Makikita sa Talahanayan 15 na karamihan sa mga tatay ay hindi binanggit ang kani-kanilang hanapbuyan na binubuo ng 177 o 91.24 bahagdan. Nagtuturo sa pampublikong paaralan at nasa bahay lamang ang nasabing hanapbuhay ng iilan. Ang karamihan din sa mga ina ng mga mag-aaral na tagasagot ay hindi binanggit ang kanilang hanapbuhay na binubuo ng 127 o 65.46 bahagdan. Sa mga nabanggit nilang hanapbuhay, ito ay nagtuturo sa pampublikong paaralan, may sariling negosyo, at nasa bahay lamang.

Talahanayan 15

Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Hanapbuhay	Tatay		Nanay	
	Bilang	%	Bilang	%
Nagtuturo sa Pampublikong Paaralan	9	4.64	3	1.55
May Sariling Negosyo (Self-Employed)	0	0.00	9	4.64
Nasa Bahay Lamang	8	4.12	55	28.35
Di-Binanggit	177	91.24	127	65.46
Kabuuan	194	100.00	194	100.00

Ang naturang datos ay nahahayag na nag mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay may regular na hanapbuhay na siyang pinagkukunan ng kanilang pangsupta sa bawat miyembro ng pamilya.

Mga Kagamitang Pansulat sa Bahay. Karamihan sa mga mag-aaral na tagasot ay hindi binanggit ang mga kagamitang pansulat sa bahay na binubuo ng 119 o 61.34 bahagdan. Samantala sa nagbanggit, ang mga papel, mga lapis/ballpen, at iba pa ang kanilang gamit sa pagsulat sa bahay.

Talahanayan 16

Mga Kagamitang Pansulat sa Bahay ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Kagamitan	Bilang	%
Mga Papel	53	27.32
Mga Lapis/Ballpen	11	5.67
Iba pa	11	5.67
Di Binanggit	119	61.34
Kabuuan	194	100.00

Ang naturang datos ay nagpapatunay na may mga gamit pansulat na nasa bahay kung kayat maaaring linanging ang kanilang kakayahan sa pagsulat.

Mga Gadyet na Ginagamit sa Bahay. Karamihan din sa mga mag-aaral na tagasagot ang hindi binanggit ang kanilang mga gadget na ginagamit sa bahay.

Sa mga nabanggit na gadget, tablet/mobile phone at laptop/desktop. Ang datos na ito ay nagsasaad na may mga gadyet pa rin na nagagamit ang mga mag-aaral na tagasagot kahit papaano.

Talahanayan 17

Mga Gadget na Ginagamit sa Bahay ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Kagamitan	Bilang	%
Laptop/Desktop	3	1.55
Tablet/Mobile Phone	72	37.11
Di Binanggit	119	61.34
Kabuuan	194	100.00

Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay sumang-ayon sa 16 na indekeytor na nagsasaad ng kanilang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon at sila ay hindi

Talahanayan 18

Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon ng mga Gurong Tagasagot

Saloobin	Tamtaman	Kahulugan
<i>Ang integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ay nakatutulong upang _____</i>		
1. makapagtamo ng mga kasanayan sa pagsabay sa mga pagbabagong pangteknolohiya	4.10	SA
2. malinang ang makabuluhang kompetensi sa tiyak na mga aspeto ng kurikulum	3.40	HS
3. makapagbuod ng kaalaman	2.99	HS
4. aktibong makapaggawa ng kanilang kaalaman sa pakikipagtulungan sa kanilang mga kaklase at iba pa	3.93	SA
5. aktibong makapaggawa ng kaalamang may integrasyon sa ibang aspeto ng kurikulum	3.56	SA
6. malinang ang malalim na pang-unawa hinggil sa mga paksang makabuluhan at may kawilihan ang mga mag-aaral sa pag-aaral sa iba't ibang aspeto ng kurikulum	3.83	SA
7. malinang ang syentipikong pang-unawa sa mundo	4.12	SA
8. makapagbigay ng motibasyon sa mga gawaing pangkurikulum	4.21	SA

Saloobin		Tamtaman	Kahulugan
9.	magplano o mamahala ng mga proyektong pangkurikulum	4.10	SA
10.	integrasyon ng iba't ibang midya sa pagbuo ng mga angkop na produkto sa Filipino	3.49	HS
11.	makilahok sa mga gawaing pangkurikulum	3.72	SA
12.	maipakita kung ano ang mga natutunan	4.40	SA
13.	magsagawa ng mga pormal na pagtataya ng kaalaman ng mga mag-aaral	4.30	SA
14.	magtamo ng kamalayan sa implikasyon ng paggamit ng mga ICT na kagamitan sa lipunan	4.22	SA
15.	magtamo ng pang-unawang kultural	4.29	SA
16.	kritikal na pagtataya sa mga gawi ng mga mag-aaral sa klase at sa lipunan	4.16	SA
17.	makipagtalastasan sa ibang tao	4.29	SA
18.	makilahok sa malayang pagkatuto sa pamamagitan ng pag-access sa edukasyon at pag-aangkop ng bilis ng pagkatuto ayon sa kanilang likas na mga kakayahan	4.16	SA
19.	maunawaan ang mga pagbabago sa kaalaman	3.55	SA
Kabuuang Tamtaman		3.94	
Kahulugan		Sumasang-ayon	
Pinagmulan:	4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon	(LSA)
	3.50-4.49	Sumasang-ayong	(SA)
	2.50-3.49	Hindi Sigurado	(HS)
	1.50-2.49	Hindi Sumasang-ayon	(HAS)
	1.00-1.49	Lubos na Di Sumasang-ayon	(LDSA)

sumang-ayon sa natitirang tatlong mga indekeytor na may tamtaman na 2.99 hanggang 4.30. Ang mga indekeytor na nakakuha ng pinakamataas at pinakamababa na tamtaman ay “magsagawa ng mga pormal na pagtataya ng kaalaman ng mga mag-aaral” at “makapagbuod ng kaalaman”, ayon sa pagkasunod-sunod.

Sa kabuuan, ang mga mag-aaral na tagasagot ay sumang-ayon sa kanilang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon na pinatunayan ng kabuuang bahagdan na 3.94. Ibig sabihin ditto sila ay may

kapaki-pakinabang dito na makakatulong sa kanilang pag-aaral.

Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino Batay sa Paggamit ng mga Makabagong Pamamaraan

Ang bahaging ito ay nagpapakita ng antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino batas sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan batay sa pananaw ng dalawang grupong tagasagot ayon sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino.

Paggamit ng mga Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo sa Pagsusulat sa Filipino. Makikita sa Talahanayan 19 ay tinaya ng mga gurong tagasagot ang kanilang sarili na may lubos na kahandaan sa dalawang indekeytor at sila ay may kahandaan sa natitirang tatlong indekeytor na may tamtaman na 4.24 hanggang 4.55. Sa mga indekeytor na ito, ang “paggamit ng mga game-based na aplikasyon upang maipahayag ang mga aralin sa Filipino gamit” at “Paggamit ng mga kagamitang multimidya para sa pakikilahok sa mga aralin sa klase” ang nakakuha ng pinakamataas at pinakamababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod.

Sa panig ng mga mag-aaral na tagasagot, tinaya nila ang mga guro na may kahandaan sa apat na indekeytor ukol sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at ang natitirang isa ay tinaya bilang katamtamang kahandaan na may tamtaman na mula sa 3.48 hanggang 4.30. Ang mga indekeytor na nagsasaad na “paggamit ng software at

Talahanayan 19

Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino Batay sa Paggamit ng mga Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino

Indekeytor	Mga Guro		Mga Mag-aaral	
	Tamtaman	Kahulugan	Tamtaman	Kahulugan
Bilang guro, ako ay handa sa _____				
1. Paggamit ng mga kagamitang multimidya para sa pakikilahok sa mga aralin sa klase	4.24	MK	4.05	MK
2. Paggamit ng PowerPoint presentations at overhead projectors sa asignaturang Filipino	4.32	MK	3.48	KK
3. Paggamit ng software at hardware na mayroon ang paalaran para sa asignaturang Filipino sa pagtuturo ng mga makrong kasanayan sa pakikinig, pagsasalit, pagsusulat, at pagbabasa	4.27	MK	4.30	MK
4. Paggamit ng mga game-based na aplikasyon upang maipahayag ang mga aralin sa Filipino gamit	4.55	LH	3.74	MK
5. Paggamit ng mga virtual manipulatives gamit ang teknolohiya upang maihatid at maisalin sa mga mag-aaral ang nilalaman ng kurikulum sa Filipino	4.61	LH	3.50	MK
Kabuuang Tamtaman	4.40		3.72	
Kahulugan	May Kahandaan		May Kahandaan	
Pinagmulan:	4.50-5.00	Lubos na Handa (LH)		
	3.50-4.49	May Kahandaan (MK)		
	2.50-3.49	Katamtamang Kahandaan (KK)		
	1.50-2.49	Hindi Gaanong Handa (HGH)		
	1.00-1.49	Hindi Handa (HH)		

hardware na mayroon ang paalaran para sa asignaturang Filipino sa pagtuturo ng mga makrong kasanayan sa pakikinig, pagsasalit, pagsusulat, at pagbabasa” at “paggamit ng PowerPoint presentations at overhead projectors sa asignaturang Filipino” ang nakakuha ng pinakamataas at pinakamababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod. Sa kabuuan, tinaya ng mga mag-aaral ang mga guro na may kahandaan sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino na pinatunayan sa pamamagitan ng kabuuang tamtaman na 3.72

Sa paglagom, ang dalawang grupo ng tagasagot ay pareho ang evaluation sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino. Ibig sabihin sila ay may kaaya-ayang kakayahan dito.

Pagpapaunlad ng Tradisyunal na Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino. Mababatid mula sa Talahanayan na tinaya ng mga gurong tagasagot ang kanilang sarili na may lubos na kahandaan sa isang indekeytor ukol sa at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at ang natitirang apat sila ay may kahandaan na may tamtaman na mula sa 4.41 hanggang 4.61. Ang mga indekeytor na nagsasaad na “integrasyon ng mga kagamitang multimidya at presentasyon sa paghahatid ng mga nilalaman lalo na sa paglinang sa mga kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral” at “integrasyon ng teknolohiya sa paggawa ng mapping ng mga kompetensi sa Filipino” ang nakakuha ng pinakamataas at pinakamababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod.

Ayon naman sa mga mag-aaral na tagasagot, tinaya nila ang mga guro na

Talahanayan 20

Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino Batay sa Pagpapaunlad ng Tradisyunal na Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino

Indekeytor	Mga Guro		Mga Mag-aaral	
	Tamtaman	Kahulugan	Tamtaman	Kahulugan
Bilang guro, ako ay handa sa _____				
1. Integrasyon ng mga araling nakabatay sa paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya kabilang ang mga virtual assessment tools	4.44	MK	4.47	MK
2. Integrasyon ng teknolohiya sa paggawa ng mapping ng mga kompetensi sa Filipino	4.41	MK	3.86	MK
3. Paggamit ng teknolohiya sa paggawa ng mga banghay aralin at iba pang mga gawaing pang-klase	4.46	MK	3.94	MK
4. Integrasyon ng mga kagamitang multimidya at presentasyon sa paghahatid ng mga nilalaman lalo na sa paglinang sa mga kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral	4.61	LH	3.54	MK
5. Integrasyon ng teknolohiya sa mga video clips o audio recordings ng mga nilalaman na lilingan sa kakayahan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral	4.44	MK	3.50	MK
Kabuuang Tamtaman	4.02		3.86	
Kahulugan	May Kahandaan		May Kahandaan	
Pinagmulan:	4.50-5.00	Lubos na Handa (LH)		
	3.50-4.49	May Kahandaan (MK)		
	2.50-3.49	Katamtamang Kahandaan (KK)		
	1.50-2.49	Hindi Gaanong Handa (HGH)		
	1.00-1.49	Hindi Handa (HH)		

may kahandaan sa pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino na may tamtaman mula sa 3.50 hanggang 4.47. Sa mga indekeytor na ito, ang nakakuha ng pinakamataas at pinakamababang tamtaman ay tumugma sa pahayag na nagsasaad, “integrasyon ng mga araling nakabatay sa paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya kabilang ang mga virtual assessment tools” at “integrasyon ng teknolohiya sa mga video clips o audio recordings ng mga nilalaman na lilinang sa kakayahan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral”, ayon sa pagkasunod-sunod. Sa kabuuan, tinaya ng mga mag-aaral na tagasagot ang mga guro na may kahandaan sa pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino na pinatunayan ng kabuuang tamtaman na 3.86.

Sa paglagom, ang dalawang grupo ng tagasagot ay pareho ang evaluation sa kahandaan ng mga guro sa pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino. Ibig sabihin sila ay may kaaya-ayang kakayahan dito.

Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot sa Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino

Ang Talahanayan 21 ay naghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino.

Paggamit ng mga Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino. Sa paghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng

Talahanayan 21

Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot sa Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino

Parameter	n	Mean	S ²	U-value	p-value	Evaluation/ Decision
Paggamit ng mga Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino						
Mga Guro	165	4.40	0.57	27840.500	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Mga Mag-aaral	194	3.72	0.36			
Pagpapaunlad ng Tradisyunal na Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino						
Mga Guro	165	4.02	0.35	25655.500	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Mga Mag-aaral	194	3.86	0.58			
ω=p=<.001<.05 hindi normal ang distribution ng mga datos					M – Mahalaga DM – Di-Mahalaga	

tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ang evaluation ay mahalaga ($U=27840.500$, $p=0.000$, $\omega=<.001$). Ibig ipahiwatig dito na mas mataas ang pagsusuri ng mga guro sa kanilang kahandaan sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino kaysa mga mag-aaral bilang tagapagpatupad nito.

Pagpapaunlad ng Tradisyunal na Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino. Sa paghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, ang evaluation ay mahalaga ($U=25655.500$, $p=0.000$, $\omega=<.001$). Ibig ipahiwatig dito na mas mataas ang pagsusuri ng mga guro sa

kanilang kahandaan sa pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino kaysa mga mag-aaral bilang tagapagpatupad nito.

Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino at ang Profayl ng mga Tagasagot

Ang bahaging ito ay naghahayag ng pag-uugnay sa pananaw ng antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at ang profayl ng mga tagasagot – mga guro at mga mag-aaral.

Profayl ng mga Guro. Ang Talahanayan 22 ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang profayl ayon sa gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo.

Gulang. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang gulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.078$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.999$, $p=0.319$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Kasarian. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang

Talahanayan 22

Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Guro sa Antas ng Kanilang Kahandaan sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino at ang Kanilang Profayl

Baryet	Pag-uugnay		Halaga ng Fisher's t	Halaga ng p @ $\alpha=.05$	Ebalwas-yon/ Desisyon
	Coefficient	Degri			
Gulang	$\rho = 0.078$	Napa-kahina	0.999	0.319	DM / Tanggapin ang Epotesis
Kasarian	$V = 0.180$ ($X^2 = 10.714$; $df = 2$)	Napa-kahina	2.336	0.005	M / Tanggihan ang Epotesis
Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya	$\rho = 0.159$	Napa-kahina	2.056	0.042	M / Tanggihan ang Epotesis
Mataas na Edukasyong Natamo	$\rho = 0.472$	Katamtaman	6.835	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino	$\rho = 0.581$	Katamtaman	9.114	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Salingkurang Pagsasanay sa Filipino	$\rho = 0.118$	Napa-kahina	1.517	0.131	DM / Tanggapin ang Epotesis
Salingkurang Pagsasanay sa ICT	$\rho = 0.514$	Katamtaman	7.650	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon	$\rho = 0.198$	Napa-kahina	2.579	0.011	M / Tanggihan ang Epotesis
Panteknolohiyang Gamit sa Pagtuturo ng Filipino	$V = 0.500$ ($X^2 = 243.384$; $df = 6$)	Katamtaman	7.371	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis

$\omega=p<.001<.05$ hindi normal ang distribusyong ng datos
Fisher's t-Critical = ± 1.983 , $df = 163$

M = Mahalaga
DM = Di Mahalaga

kanilang kasarian, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay makahina ($p=0.180$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=2.446$, $p=0.005$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig dito na ang

mga babaing guro ay mas mataas ang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino kaysa sa mga lalaki.

Kabuuang Buwanang Kita Pamilya. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang kabuuang buwanang kita ng pamilya, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.159$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=2.056$, $p=0.042$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig nito na ang mga guro may mataas na kabuuang buwanang kita ng pamilya ay may mataas na antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino kaysa sa mga guro may mababang kabuuang buwanang kita ng pamilya.

Mataas na Edukasyon na Natamo. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang mataas na edukasyon na natamo, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay katamtaman ($p=0.472$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=6.835$, $p=0.000$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig nito na ang mga guro may mataas na antas ng edukasyon na natamo ay may mataas na antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino kaysa sa mga guro mababang lebel ng pag-aaral ang naabot.

Bilang ng Taon ng Pagtuturo. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang bilang ng taon sa pagtuturo sa Filipino, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay katamtaman ($p=0.581$). Ang Fisher's t ay

nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=9.114$, $p=0.000$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig nito na ang mga guro ng matagal nang nagtuturo ng Filipino ay may mataas na antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino kaysa sa mga guro ng baguhan pa lamang.

Salingkurang Pagsasanay sa Filipino. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang salingkurang pagsasanay sa Filipino, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.118$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=1.517$, $p=0.131$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Salingkurang Pagsasanay sa ICT. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang salingkurang pagsasanay sa ICT, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay katamtaman ($p=0.515$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=7.650$, $p=0.000$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig nito na ang mga guro na nakadalo ng maraming salingkurang pagsasanay sa ICT at may mataas na antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino kaysa sa mga guro na ilag dito.

Salobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang salobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.198$). Ang Fisher's t ay

nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=2.579$, $p=0.011$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig nito na ang mga guro na may kaaya-ayang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ay may mataas na antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino kaysa sa mga guro na mababa ang saloobin dito.

Panteknolohiyang Gamit sa Pagtuturo ng Filipino. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang panteknolohiyang gamit sa pagtuturo sa Filipino, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay katamtaman ($p=0.500$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=7.371$, $p=0.000$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig nito na ang mga guro na may nagagamit na panteknolohiyang gamit sa pagtuturo ng Filipino ay may mataas na antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino kaysa sa mga guro na walang magamit na gadyet.

Sa paglagom, sa profyl ng mga guro, ang kasarian kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo sa Filipino, salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at pantenolohiyang gamit sa pagtuturo ang napatunayan na may kaugnayan sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino kaysa sa mga guro. Ang ibang profayl ay walang kinalaman dito.

Profayl ng mga Mag-aaral. Ang Talahanayan 23 ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang

Talahanayan 23

Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino at ang Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Baryet	Pag-uugnay		Halaga ng Fisher's t	Halaga ng p @ $\alpha=.05$	Ebalwas-yon/ Desisyon
	Coefficient	Degri			
Gulang	$\rho = 0.082$	Napa-kahina	1.140	0.284	DM / Tanggapin ang Epotesis
Kasarian	$V = 0.090$ ($X^2 = 3.422$; df = 2)	Napa-kahina	1.252	0.181	DM / Tanggapin ang Epotesis
Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya	$\rho = 0.312$	Mahina	4.550	0.009	M / Tanggihan ang Epotesis
Sanligang Edukasyon ng mga Magulang	$\rho = 0.274$	Mahina	3.948	0.014	M / Tanggihan ang Epotesis
Hanapbuhay ng mga Magulang	$V = 0.060$ ($X^2 = 3.056$; df = 4)	Napa-kahina	0.833	0.549	DM / Tanggapin ang Epotesis
Mga Kagamitang Pansulat sa Bahay	$V = 0.150$ ($X^2 = 18.547$; df = 4)	Napa-kahina	2.102	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Mga Gadyet na Ginagamit sa Bahay	$V = 0.070$ ($X^2 = 1.862$; df = 2)	Napa-kahina	0.972	0.394	DM / Tanggapin ang Epotesis
Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon	$\rho = 0.312$	Mahina	4.550	0.009	M / Tanggihan ang Epotesis

$\omega=p<.001<.05$ hindi normal ang distribusyong ng datos
Fisher's t-Critical = ± 1.983 , df = 192

M = Mahalaga
DM = Di Mahalaga

kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang profayl ayon sa gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, mga gadyet na ginagamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon.

Gulang. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga mag-aaral sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang gulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.082$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=1.140$, $p=0.2284$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Kasarian. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang kasarian, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay napakahina ($p=0.090$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=1.252$, $p=0.181$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga mag-aaral sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang kabuuang buwanang kita ng pamilya, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay mahina ($p=0.312$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=4.550$, $p=0.009$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may mataas na kabuuang buwanang kita ng pamilya ay may mataas na pananaw sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino ng mga guro. Samantala, ang mga mag-aaral na may mababang kabuuang buwanang kita ng pamilya ay may mababang na pananaw sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino ng mga guro.

Sanligang Edukasyong ng Magulang. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga mag-aaral sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng

teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang sanligang edukasyon ng mga magulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay mahina ($p=0.274$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=3.948$, $p=0.014$, $\omega<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may magulang na mataas ang edukasyong natamo ay may mataas na pananaw sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino ng mga guro kaysa sa mga mag-aaral na may mga magulang na mababa ang lebel ng edukasyon na natamo.

Hanapbuhay ng Magulang. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang hanapbuhay ng kanilang mga magulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay napakahina ($p=0.060$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.833$, $p=0.549$, $\omega<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Mga Kagamitang Pansulat sa Bahay. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang mga kagamitan pansulat sa bahay, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay napakahina ($p=0.150$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=2.102$, $p=0.000$, $\omega<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig nito na ang mga mag-aaral na mayroong mga kagamitang pansulat sa bahay ay may mataas na pananaw sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino ng mga guro kaysa sa mga mag-aaral na walang magamit na kagamitan pansulat sa bahay.

Mga Gadyet na Ginagamit sa Bahay. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga mag-aaral na tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang mga gadyet na ginagamit sa bahay, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay napakahina ($p=0.070$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.972$, $p=0.394$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga mag-aaral sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay mahina ($p=0.312$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=4.550$, $p=0.009$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may na kaaya-ayang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ay may mataas na pananaw sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino ng mga guro kaysa sa mga mag-aaral na taliwas dito.

Sa paglagom, sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon lamang ang napatunayan na may kinalaman sa pananaw ng mga mag-aaral sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino ng mga guro. Ang ibang profayl ay walang kinalaman dito.

Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar

Ang bahaging ito ay naghahayag ng antas ng pagpapatupad ng

integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot ayon sa pamununo, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran.

Pamumuno. Makikita sa Talahanayan 24 na tinaya ng mga guro ang lahat ng indekeytor na nagsasaad ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa pamununo na may tamtaman na 3.65 hanggang 3.71. Ang indekeyto na nagsaad na “bilang ng mga gurong gumagamit ng mga computer para sa

Talahanayan 24

Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon Pamununo

Indekeytor	Mga Guro		Mga Mag-aaral	
	Tamtaman	Kahulugan	Tamtaman	Kahulugan
1. Dalas ng paggamit ng mga computers at internet bilang kagamitang pangkomunikasyon sa ibang mga paaralan at mga mag-aaral at guro	3.65	P	3.90	P
2. Bilang ng mga guro na gumagamit ng computer sa pagtuturo	3.70	P	2.87	Pa
3. Bilang ng mga gurong gumagamit ng mga computer para sa pagtatala at pag-iingat ng mga dokumento ng mga mag-aaral	3.71	P	2.59	Pa
Kabuuang Tamtaman	3.69		3.12	
Kahulugan	Palagi		Parati	
Pinagmulan:	3.50-4.49	Palagi	(P)	
	2.50-3.49	Parati	(Pa)	
	1.50-2.49	Malimit	(M)	
	1.00-1.49	Hindi	(H)	

pagtatala at pag-iingat ng mga dokumento ng mga mag-aaral” ang nakakuha ng mataas na tamtaman.

Sa kabuuan, tinaya ng mga guro ang kanilang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga na palagi na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.69.

Samantala, tinaya ng mga mag-aaral ang isang indekeytor sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang natitirang dalawang indekeytor bilang parati na may tamtaman mula sa 2.59 hanggang 3.90. Ang indekeytor na nakuha ng pinakamataas na tamtaman ay nagsasaad na, “dalas ng paggamit ng mga computers at internet bilang kagamitang pangkomunikasyon sa ibang mga paaralan at mga mag-aaral at guro”.

Sa kabuuan, tinaya ng mga mag-aaral ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro na parati na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.12.

Sa paglagom, nagkaiba ang pananaw ng dalawang grupo sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro sa adjectival at numerical na pagsusuri. Ang mga guro ay nagbigan ng grand weighted mean na 3.69 (palagi) samantala ang mga mag-aaral nagbigat ng 3.12 (parati).

Kurikulum. Makikita sa Talahanayan 25 na tinaya ng mga guro ang lahat ng indekeytor na nagsasaad ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa kurikulum na may tamtaman na 3.53 hanggang 4.08. Ang indekeyto na

Talahanayan 25

Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon Kurikulum

Indekeytor	Mga Guro		Mga Mag-aaral	
	Tamtaman	Kahulugan	Tamtaman	Kahulugan
1. Bahagdan ng mga aralin sa Filipino na ginagamitan ng mga kagamitang pangteknolohiya	4.08	P	3.27	Pa
2. Dalas ng paggamit ng computer at internet upang makalikom ng mga datos para sa pagpapaunlad ng mga kagamitang pang-instruksyon sa paglinang ng kasanayan sa pagsusulat	3.78	P	2.49	M
3. Dalas ng paggamit ng computer at internet para sa mga paksang gagamitin sa pagsusulat sa Filipino	3.53	P	3.84	P
Kabuuang Tamtaman	3.80		3.20	
Kahulugan	Palagi		Parati	
Pinagmulan:	3.50-4.49	Palagi (P)		
	2.50-3.49	Parati (Pa)		
	1.50-2.49	Malimit (M)		
	1.00-1.49	Hindi (H)		

nagsaad na “bahagdan ng mga aralin sa Filipino na ginagamitan ng mga kagamitang pangteknolohiya” ang nakakuha ng mataas na tamtaman.

Sa kabuuan, tinaya ng mga guro ang kanilang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ayon sa kurikulum na palagi na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.80.

Samantala, tinaya ng mga mag-aaral ang isang indekeytor ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ayon sa kurikulum, ang isang indekeytor ay tinaya bilang parati, at ang natitirang indekeytor bilang malimit na may tamtaman na 2.49 hanggang 3.84.

Sa kabuuan, tinaya ng mga mag-aaral ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro ayon sa kurikulum na parati na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.20.

Imprastruktura. Makikita sa Talahanayan 26 na tinaya ng mga guro ang dalawang indekeytor na nagsasaad ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa imprastruktura bilang palagi at ang natitirang isang indekeytor bilang parati na may tamtaman na 3.32 hanggang 3.61. Ang indekeyto na nagsaad na “bahagdan ng mga nagagamit na computers at iba pang kagamitang panteknolohiya na magagamit sa pagtuturo sa kasanayan sa pagsulat sa Filipino” ang nakakuha ng mataas na tamtaman.

Sa kabuuan, tinaya ng mga guro ang kanilang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ayon sa imprastruktura na palagi na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.51.

Samantala, tinaya ng mga mag-aaral ang isang indekeytor ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ayon sa kurikulum, ang isang indekeytor ay tinaya bilang parati, at ang natitirang indekeytor bilang malimit na may tamtaman na 2.49 hanggang 3.84.

Talahanayan 26

Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon Imprastruktura

Indekeytor	Mga Guro		Mga Mag-aaral	
	Tamtaman	Kahulugan	Tamtaman	Kahulugan
1. Bahagdan ng mga nagagamit na computers at iba pang kagamitang panteknolohiya na magagamit sa pagtuturo sa kasanayan sa pagsulat sa Filipino	3.61	P	2.68	Pa
2. Bahagdan ng mga nagagamit na computers na may internet para sa mga paksang gagamitin sa pagsusulat sa Filipino	3.60	P	2.87	Pa
3. Kapasidad ng ginagamit na bandwidth ng internet sa paaralan	3.32	Pa	2.49	M
Kabuuang Tamtaman	3.51		2.68	
Kahulugan	Palagi		Parati	
Pinagmulan:	3.50-4.49	Palagi (P)		
	2.50-3.49	Parati (Pa)		
	1.50-2.49	Malimit (M)		
	1.00-1.49	Hindi (H)		

Sa kabuuan, tinaya ng mga mag-aaral ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro ayon sa kurikulum na parati na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.20.

Imprastruktura. Makikita sa Talahanayan 26 na tinaya ng mga guro ang dalawang indekeytor na nagsasaad ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa imprastruktura bilang palagi at ang natitirang isang indekeytor bilang

parati na may tamtaman na 3.32 hanggang 3.61. Ang indekeyto na nagsaad na “bahagdan ng mga nagagamit na computers at iba pang kagamitang panteknolohiya na magagamit sa pagtuturo sa kasanayan sa pagsulat sa Filipino” ang nakakuha ng mataas na tamtaman.

Sa kabuuan, tinaya ng mga guro ang kanilang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ayon sa imprastruktura na parati na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.13.

Samantala, tinaya ng mga mag-aaral ang dalawang indekeytor ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ayon sa imprastrutura na parati, ang isang indekeytor ay tinaya bilang malimit na may tamtaman na 2.49 hanggang 2.87. Ang indekeytor na nagsasaad na, “bahagdan ng mga nagagamit na computers na may internet para sa mga paksang gagamitin sa pagsusulat sa Filipino” ang nakakuha ng pinakamataas na tamtaman

Sa kabuuan, tinaya ng mga mag-aaral ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro ayon sa imprastruktura na parati na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.68.

Sa paglagom, nagkaiba ang pananaw ng dalawang grupo sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro ayon sa imprastruktura. Ang mga guro ay nagbigay ng kabuuang tamtaman na 3.51 (palagi) at ang mga mag-aaral ay nagbigay ng 2.68 (parati).

Kapaligiran. Makikita sa Talahanayan 27 na tinaya ng mga guro ang

Talahanayan 27

Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon Kapaligiran

Indekeytor	Mga Guro		Mga Mag-aaral	
	Tamtaman	Kahulugan	Tamtaman	Kahulugan
1. Bahagdan ng mga paaralang may access sa telebisyon	3.19	Pa	3.20	M
2. Bahagdan ng mga silid aralan na may access sa Internet	3.02	Pa	3.72	P
3. Bahagdan ng mga gurong may access ng internet sa kanilang mga telepono	3.17	Pa	3.38	M
Kabuuang Tamtaman	3.13		3.43	
Kahulugan	Parati		Parati	
Pinagmulan:	3.50-4.49	Palagi (P)		
	2.50-3.49	Parati (Pa)		
	1.50-2.49	Malimit (M)		
	1.00-1.49	Hindi (H)		

lahat ng indekeytor na nagsasaad ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa kapaligiran bilang parati na may tamtaman na 3.02 hanggang 3.19. Ang indekeytor na nagsaad na “bahagdan ng mga paaralang may access sa telebisyon” ang nakakuha ng mataas na tamtaman.

Sa kabuuan, tinaya ng mga guro ang kanilang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ayon sa kapaligiran na parati na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.13.

Samantala, tinaya ng mga mag-aaral ang isang indekeytor ng antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng

Zumarraga ayon sa kapaligiran na palagi at natitirang indekeytor ay tinaya bilang malimit na may tamtaman na 3.38 hanggang 3.72. Ang indekeytor na nagsasaad na, “bahagdan ng mga silid aralan na may access sa Internet” ang nakakuha ng pinakamataas na tamtaman

Sa kabuuan, tinaya ng mga mag-aaral ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro ayon sa kapaligiran na parati na pinatutunayan ng kabuuang tamtaman na 3.43.

Sa paglagom, magkapareho ang pananaw ng dalawang grupo sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro ayon sa kapaligiran. Ito ay tinaya nilang parati subalit nagkaiba sila ng numerical na pagsusuri. Ang mga guro ay nagbigay ng kabuuang tamtaman na 3.13, ang mga mag-aaral nagbigay ng 3.43.

Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot Hinggil sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar

Ang Talahanayan 28 ay naghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa pamununo, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran.

Pamumuno. Sa paghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa pamununo, ang evaluation ay mahalaga ($U=26459.000$, $p=0.000$, $\omega=<.001$). Ibig ipahiwatig na

Talahanayan 28

Paghahambing sa Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot Hinggil sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar

Parameter	n	Mean	S ²	U-value	p-value	Evaluation/ Decision
Pamumuno						
Mga Guro	165	3.69	0.57	26479.000	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Mga Mag-aaral	194	3.12	0.36			
Kurikulum						
Mga Guro	165	3.80	0.35	26182.500	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Mga Mag-aaral	194	3.20	0.58			
Imprastruktura						
Mga Guro	165	3.61	0.57	26161.000	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Mga Mag-aaral	194	2.68	0.36			
Kapaligiran						
Mga Guro	165	3.13	0.00	5655.500	0.195	DM / Tanggapin ang Epotesis
Mga Mag-aaral	194	3.14	0.00			
ω=p=<.001<.05 hindi normal ang distribution ng mga datos					M – Mahalaga DM – Di-Mahalaga	

mas mataas ang pagsusuri ng mga guro sa kanilang ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa pamununo kaysa mga mag-aaral bilang tagapagpatupad nito.

Kurikulum. Sa paghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa kurikulum, ang

evaluation ay mahalaga ($U=26182.500$, $p=0.000$, $\omega=<.001$). Ibig ipahiwatig dito na mas mataas ang pagsusuri ng mga guro sa kanilang ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa kurikulum kaysa mga mag-aaral bilang tagapagpatupad nito.

Imprastruktura. Sa paghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa imprastrukturang, ang evaluation ay mahalaga ($U=26161$, $p=0.000$, $\omega=<.001$). Ibig ipahiwatig dito na mas mataas ang pagsusuri ng mga guro sa kanilang ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa imprastrukturang kaysa mga mag-aaral bilang tagapagpatupad nito.

Kapaligiran. Sa paghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa ikapaligiran, ang evaluation ay di mahalaga ($U=5655.500$, $p=0.195$, $\omega=<.001$). Ibig ipahiwatig dito na magkapareho ang pagsusuri ng mga guro at mga mag-aaral sa pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa kapaligiran.

Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Tagasagot sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar at ang Kanilang Profayl

Ang bahaging ito ay naghahayag ng kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa

Talahanayan 29

Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar at ang Profayl ng mga Gurong Tagasagot

Baryet	Pag-uugnay		Halaga ng Fisher's t	Halaga ng p @ $\alpha=.05$	Ebalwasyon/ Desisyon
	Coefficient	Degri			
Gulang	$\rho = 0.081$	Napa-kahina	1.038	0.285	DM / Tanggapin ang Epotesis
Kasarian	$V = 0.180$ ($X^2 = 1.714$; $df = 2$)	Napa-kahina	2.336	0.005	M / Tanggihan ang Epotesis
Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya	$\rho = 0.059$	Napa-kahina	0.755	0.142	DM / Tanggapin ang Epotesis
Mataas na Edukasyong Natamo	$\rho = 0.179$	Napa-kahina	2.323	0.022	M / Tanggihan ang Epotesis
Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino	$\rho = 0.227$	Mahina	2.976	0.005	M / Tanggihan ang Epotesis
Salingkurang Pagsasanay sa Filipino	$\rho = 0.068$	Napa-kahina	0.870	0.382	DM / Tanggapin ang Epotesis
Salingkurang Pagsasanay sa ICT	$\rho = 0.242$	Mahina	3.184	0.002	M / Tanggihan ang Epotesis
Salooobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon	$\rho = 0.031$	Napa-kahina	0.396	0.695	DM / Tanggapin ang Epotesis
Panteknolo-hiyang Gamit sa Pagtuturo ng Filipino	$V = 0.500$ ($X^2 = 243.384$; $df = 6$)	Katamtaman	7.371	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis

$\omega=p<.001<.05$ hindi normal ang distribusyong ng datos
Fisher's t-Critical = ± 1.983 , $df = 163$

M = Mahalaga
DM = Di Mahalaga

mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang profayl ng mga tagasagot – profayl ng mga guro at profayl ng mga mag-aaral.

Profayl ng mga Guro. Ang Talahanayan 29 ay nagpapakita ng pag-uugnay sa pagitan ng pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang profayl ayon sa gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo.

Gulang. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang gulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.081$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=1.038$, $p=0.285$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Kasarian. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang kasarian, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay makahina ($p=0.180$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=2.336$, $p=0.005$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig dito na ang mga babaing guro ay mas mataas antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga kaysa sa mga lalaking guro.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang kabuuang buwanng kita ng

pamilya, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.059$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.755$, $p=0.142$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Mataas na Edukasyong Natamo. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang mataas na edukasyong natamo, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.179$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=2.323$, $p=0.022$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan. Ibig ipahiwatig dito na ang mga gurong may mataas na lebel ng edukasyon na natamo ay may mataas na antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga kaysa sa mga gurong mababa ang naabot na lebel ng pag-aaral.

Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Filipino. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay mahina ($p=0.227$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=2.969$, $p=0.005$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Salingkurang Pagsasanay sa Filipino. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang salingkurang pagsasanay sa Filipino, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.068$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.870$, $p=0.382$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Salingkurang Pagsasanay sa ICT. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang salingkurang pagsasanay sa ICT, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay mahina ($p=0.242$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=3.184$, $p=0.002$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.031$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.396$, $p=0.695$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Panteknolohiyang Gamit sa Pagtuturo ng Filipino. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang panteknolohiyang gamit sa pagtuturo ng Filipino, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay katamtaman ($p=0.500$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=7.371$, $p=0.000$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Sa paglagom, sa profayl ng mga guro, ang kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo lamang ang napatunayang may kaugnayan sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng

Zumarraga. Ang ibang profayl ay walang kinalaman dito.

Profayl ng mga Mag-aaral. Ang Talahanayan 30 ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang kanilang profayl ayon sa gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, mga gadyet na ginagamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon.

Gulang. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang kanilang gulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay napakahina ($p=0.082$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=1.140$, $p=0.284$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Kasarian. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang kanilang kasarian, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay napakahina ($p=0.090$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=1.252$, $p=0.181$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang kabuuang buwanang kita

Talahanayan 30

Kaugnayan sa Pagitan ng Pananaw ng mga Guro at mga Mag-aaral na Tagasagot sa Antas Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar at ang Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Baryet	Pag-uugnay		Halaga ng Fisher's t	Halaga ng p @ $\alpha=.05$	Ebalwasyon/ Desisyon
	Coefficient	Degri			
Gulang	$\rho = 0.082$	Napa-kahina	1.140	0.284	DM / Tanggapin ang Epotesis
Kasarian	$V = 0.090$ ($X^2 = 3.422$; $df = 2$)	Napa-kahina	1.252	0.181	DM / Tanggapin ang Epotesis
Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya	$\rho = 0.312$	Mahina	4.550	0.009	M / Tanggihan ang Epotesis
Sanligang Edukasyon ng mga Magulang	$\rho = 0.274$	Mahina	3.948	0.014	M / Tanggihan ang Epotesis
Hanapbuhay ng mga Magulang	$V = 0.060$ ($X^2 = 3.056$; $df = 4$)	Napa-kahina	0.833	0.549	DM / Tanggapin ang Epotesis
Mga Kagamitang Pansulat sa Bahay	$V = 0.150$ ($X^2 = 18.547$; $df = 4$)	Napa-kahina	2.102	0.000	M / Tanggihan ang Epotesis
Mga Gadyet na Ginagamit sa Bahay	$V = 0.070$ ($X^2 = 1.862$; $df = 2$)	Napa-kahina	0.972	0.394	DM / Tanggapin ang Epotesis
Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon	$\rho = 0.312$	Mahina	4.550	0.009	M / Tanggihan ang Epotesis

$\omega=p<.001<.05$ hindi normal ang distribusyong ng datos
Fisher's t-Critical = ± 1.983 , $df = 192$

M = Mahalaga
DM = Di Mahalaga

ng pamilya, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay mahina

($p=0.312$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=4.550$, $p=0.009$, $\omega<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Sanligang Edukasyon ng Magulang. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang sanligang edukasyon ng magulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay mahina ($p=0.274$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=3.948$, $p=0.014$, $\omega<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Hanapbuhay ng Magulang. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang hanapbuhay ng kanilang mga magulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay napakahina ($p=0.060$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.833$, $p=0.549$, $\omega<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Mga Kagamitang Pansulat sa Bahay. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang mga kagamitang pansulat sa bahay, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay napakahina ($p=0.150$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=2.102$, $p=0.000$, $\omega<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Mga Gadyet na Ginagamit sa Bahay. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang mga gadyet na ginagamit sa bahay, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay napakahina

($p=0.070$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.972$, $p=0.374$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon. Sa pag-uugnay sa pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay mahina ($p=0.312$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=4.550$, $p=0.009$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Sa paglagom, sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, ang kabuuang buwang kita, sanligang edukasyon ng magulang, mga kagamitang panteknolohiyang gamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ang napatunayan na may kaugnayan sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro. Ang ibang profayl ay walang kinalaman dito.

Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino

Mababatid sa Talahanayan 31 na 80 o 41.23 bahagdan sa mga mag-aaral ang nakakuha ng iskor na 80 – 84 sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino. Samantala, 65 o 33.51 bahagdan ang nakakuha ng iskor na 85 – 89, 36 o 18.56 bahagdan ang nakakuha ng 95 – 99, at ang natitirang 13 o 6.70 bahagdan ay nakakuha ng iskor na 90 – 94. Ang median iskore ay tinasa sa 86 na may MAD na tatlong puntos.

Talahanayan 31

Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino

Antas	Bilang	%
95 – 99	36	18.56
90 – 94	13	6.70
85 – 89	65	33.51
80 – 84	80	41.23
Kabuuan	194	100.00
Median	86	
MAD	3 puntos	

Ang naturang datos ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kakayahan sa pagsulat sa Filipino.

Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino at ng Piling Baryabol

Ang bahaging ito ay nahahayag ng kaugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ng piling baryabol – profayl ng mga mag-aaral, antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, at antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar.

Profayl ng mga Mag-aaral. Makikita sa Talahanayan 32 ang pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang kanilang

Talahanayan 32

Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino at ang Kanilang Profayl

Baryet	Pag-uugnay		Halaga ng Fisher's t	Halaga ng p @ $\alpha=.05$	Ebalwas-yon/ Desisyon
	Coefficient	Degri			
Gulang	$\rho = 0.032$	Napa-kahina	0.444	0.674	DM / Tanggapin ang Epotesis
Kasarian	$V = 0.050$ ($X^2 = 7.198$; df = 13)	Napa-kahina	0.694	0.892	DM / Tanggapin ang Epotesis
Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya	$\rho = 0.023$	Mahina	0.319	0.850	DM / Tanggap ang Epotesis
Sanligang Edukasyon ng mga Magulang	$\rho = 0.062$	Mahina	0.861	0.565	DM / Tanggapin ang Epotesis
Hanapbuhay ng mga Magulang	$V = 0.040$ ($X^2 = 10.135$; df = 26)	Napa-kahina	0.555	0.831	DM / Tanggapin ang Epotesis
Mga Kagamitang Pansulat sa Bahay	$V = 0.070$ ($X^2 = 27.168$; df = 26)	Napa-kahina	0.972	0.401	DM / Tanggapin ang Epotesis
Mga Gadyet na Ginagamit sa Bahay	$V = 0.060$ ($X^2 = 7.829$; df = 13)	Napa-kahina	0.833	0.855	DM / Tanggapin ang Epotesis
Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon	$\rho = 0.274$	Mahina	3.948	0.014	M / Tanggihan ang Epotesis

$\omega=p<.001<.05$ hindi normal ang distribyusyon ng datos
Fisher's t-Critical = ± 1.983 , df = 192

M = Mahalaga
DM = Di Mahalaga

profayl ayon sa gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, mga gadyet na ginagamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon.

Gulang. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino

ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang kanilang gulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay napakahina ($p=0.032$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.444$, $p=0.674$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Kasarian. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang kanilang kasarian, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay ay napakahina ($p=0.050$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.694$, $p=0.892$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang kanilang kabuuang buwanang kita ng pamilya, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay napakahina ($p=0.023$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.319$, $p=0.850$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Sanligang Edukasyon ng Magulang. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang sanligang edukasyon ng mga magulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay napakahina ($p=0.062$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.861$, $p=0.565$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Hanapbuhay ng Magulang. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang hanapbuhay ng mga magulang, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay ay napakahina ($p=0.040$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.555$, $p=0.831$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Mga Kagamitang Pansulat sa Bahay. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang hmga kagamitang pansulat sa bahay, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay ay napakahina ($p=0.070$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.872$, $p=0.401$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Mga Gadyet na Ginagamit sa Bahay. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang mga gadget na gamit sa bahay, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Cramer's V ay ay napakahina ($p=0.060$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.833$, $p=0.855$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Saloobin Hinggil sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Instruksyon. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay mahina ($p=0.274$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=3.048$, $p=0.014$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Sa paglagom, sa profayl ng mga mag-aaral, ang kanilang saloobin lamang hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruction ang napatunayang may kaugnayan sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino. Ang ibang profayl ay walang kinalaman dito.

Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino. Ang talahanayan ay nagpapakita ng pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ang kanilang pananaw sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino.

Paggamit ng Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang paggamit ng makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay mahina ($p=0.264$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=3.793$, $p=0.047$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Pagpapaunlad ng Tradisyunal na Pagtuturo sa Pagsusulat sa Filipino. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng

Talahanayan 33

Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino at ang Kanilang Pananaw sa Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino

Lawak	Pag-uugnay		Halaga ng Fisher's t	Halaga ng p @ $\alpha=.05$	Ebalwasyon/ Desisyon
	Coefficient	Degri			
Paggamit ng mga Makabagong Pamama-raan ng Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino	$\rho = 0.264$	Mahina	3.793	0.047	M / Tanggihan ang Epotesis
Pagpapaunlad ng Tradisyunal na Pagtuturo ng Pagsusulat sa Filipino	$\rho = 0.296$	Mahina	4.294	0.018	M / Tanggihan ang Epotesis

$\omega = \rho = <.001 <.05$ hindi normal ang distribusyong ng datos
Fisher's t-Critical = ± 1.983 , df = 192

M = Mahalaga
DM = Di Mahalaga

mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang pagpapaunlad sa tradisyunal na pagtuturo sa pagsusulat sa Filipino, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay mahina ($p=0.296$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=4.294$, $p=0.018$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Sa paglagom, ang lahat ng lawak sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ay may kaugnayan sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino.

Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya ng mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar. Makikita sa Talahanayan 34 ang pag-uugnay sa sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa

Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya ng mga paaralan ayon sa pamumuno, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran.

Pamumuno. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang pagpapaunlad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan ayon sa pamumuno, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay mahina ($p=0.290$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=4.199$, $p=0.010$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Kurikulum. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang pagpapaunlad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan ayon sa kurikulum, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay mahina ($p=0.272$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=3.917$, $p=0.021$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Imprastruktura. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang pagpapaunlad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan ayon sa imprastruktura, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay napakahina ($p=0.021$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay di mahalaga ($t=0.291$, $p=0.993$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggap.

Kapaligiran. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa

Talahanayan 34

Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Kakayahan sa Pagsusulat sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang Iskor sa Isang Pasulat na Pagsusulit sa Filipino at ang Kanilang Pananaw sa Antas ng Pagpapatupad ng Integrasyon ng Teknolohiya sa mga Paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar

Lawak	Pag-uugnay		Halaga ng Fisher's t	Halaga ng p @ $\alpha=.05$	Ebalwas-yon/ Desisyon
	Coefficient	Degri			
Pamumuno	$\rho = 0.290$	Mahina	4.199	0.010	M / Tanggihan ang Epotesis
Kurikulum	$\rho = 0.272$	Mahina	3.917	0.021	M / Tanggihan ang Epotesis
Imprastruktura	$\rho = 0.021$	Napa-kahina	0.291	0.993	DM / Tanggapin ang Epotesis
Kapaligiran	$\rho = 0.231$	Mahina	3.290	0.034	M / Tanggihan ang Epotesis

$\omega=p<.001<.05$ hindi normal ang distribusyong ng datos
Fisher's t-Critical = ± 1.983 , df = 192

M = Mahalaga
DM = Di Mahalaga

Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang pagpapaunlad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan ayon sa kapaligiran, ang pagsusuri sa pamamagitan ng Spearman's Rho ay ay mahina ($p=0.231$). Ang Fisher's t ay nagsasaad na ito ay mahalaga ($t=3.290$, $p=0.034$, $\omega=<.001$) kung kayat ang epotesis ay tinanggihan.

Sa paglagom, sa antas pagpapaunlad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan, ang pamumuno, kurikulum, at kapaligiran ang napatunayang may kaugnayan sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino. Ang imprastruktura ay walang kaugnayan dito.

Kabanata 5

LAGOM NG KINALABASAN, MGA KONKLUSYON, AT MGA REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng lagom ng kinalabasan kalakip ang mga konklusyon at ang mga rekomendasyon na base sa sa pag-aaral na ito.

Lagom ng Kinalabasan

Ang sumusunod ay ang mga kinalabasan sa pag-aaral na ito:

1. Ang median na gulang ng mga mag-aaral ay tinasa sa 36 taon gulang at may mean absolute deviation (MAD) na 2 taon at karamihan sa kanila ay mga babae na binubuo ng 121 o 73.33 bahagdan.
2. Ang median na kabuuang buwanang kita ng pamilya ay tinasa sa Php19,500 at MAD na Php3,500.
3. Karamihan sa mga gurong tagasagot ay may yunits sa gradwadong pag-aaral na binubuo ng 108 o 65.45 bahagdan.
4. Karamihan sa kanila ay nagturo ng anim na taon hanggang 10 taon na binubuo ng 122 o 73.94 bahagdan.
5. Ang mga gurong tagasagot ay hindi nakadalo sa nasyunal na pagsasanay sa Filipino. Sila ay kalimitan na nakakadalo sa rehiyunal at pansangay na pagsasanay sa Filipino at kadalasan sila ay nakakadalo sa pampurok at pampaaralan na mga lebel.
6. Ang mga gurong tagasagot ay lubos na sumasang-ayon sa kanilang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon na pinatunayan ng kabuuan tamtaman na 4.79.

7. Ang mga gurong tagasagot ay gumagamit ng computer/laptop/desktop na binubuo ng 120 or 72.73 bahagdan.

8. Ang gulang ng mag-aaral na tagasagot maliban sa 21 o 10.82 bahagdan na hindi nagbanggit, ay naglalaro mula pitong taon gulang hanggang siyam na taon gulang kung saan karamihan sa kanila ay nasa pitong taon gulang na binubuo ng 146 o 75.26 bahagban

9. Ang mga pamilya ng mag-aaral na tagasagot ay may kabuuang buwanang kita mula sa mababa sa Php10,000 hanggang Pho29,999. Subalit, karamihan sa kanila ay hindi binanggit ang datos na ito na binubuo ng 126.64.95 bahagdan.

10. Ang sanligan edukasyon na naabot ng mga tatay ng ma-aaral na tagasagot ay mula sa lebel ng elementarya hanggang lebel ng sekundarya. Sa mga ina naman, sila ay nakatamo ng saligan edukasyon mula sa lebel ng elementarya hanggang gradwadong pag-aaral.

11. Sa mga tatay ng mag-aaral na tagasagot ay nagtuturo sa pampublikong paaralan at nasa bahay lamang ang hanapbuhay ng iilan. Ang iilan din sa mga ina ay nagtuturo sa pampublikong paaralan, may sariling negosyo, at nasa bahay lamang.

12. Ang mga papel, mga lapis/ballpen, at iba pa ang gamit sa pagsulat sa bahay ng mga msg-aaral na tagasagot.

13. Ang gadget na tablet/mobile phone at laptop/desktop ang gamit ng mga mag-aral na tagasagot sa bahay.

14. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay sumang-ayon sa kanilang saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon na pinatunayan ng

kabuuang bahagdan na 3.94.

15. Ang dalawang grupo ng tagasagot ay pareho ang pagtataya sa kahandaan ng mga guro sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino. Sila ay may kahandaan.

16. Sa paghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ayon sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ang pagtataya ay mahalaga.

17. Sa pag-uugnay pagitan ng pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang profayl, ito ay mahalaga ayon sa kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, panteknolohiyang gamit sa pagtuturo. Ito ay hindi mahalaga sa gulang at saloobin sa salingkurang pagsasanay sa Filipino.

18. Sa pag-uugnay sa pagitan ng pananaw ng mga guro sa antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at ang kanilang profayl, ito ay mahalaga ayon sa kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon. Ito ay hindi mahalaga ayon sa gulang, kasarian, hanapbuhay ng mga magulang, at

mga gadyet na ginagamit sa bahay.

19. Nagkaiba ang pananaw ng dalawang grupo sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro ayon sa pamununo, kurikulum, at imprastruktura. Sa adjectival at numerikal na pagtataya, ang mga guro ay nagbigan ng pananaw na palagi samantala ang mga mag-aaral ay nagbigay ng parati. Samantala, magkapareho ang pananaw ng dalawang grupo sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro ayon sa kapaligiran. Ito ay tinaya nilang parati.

20. Sa paghahambing sa pananaw ng dalawang grupo ng tagasagot sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ito ay mahalaga ayon sa pamununo, kurikulum, at imprastruktura. Ito ay di mahalaga sa kapaligiran.

21. Sa pag-uugnay sa pagitan ng pananaw ng mga guro sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga at ang kanilang profayl, ito ay mahalaga ayon sa kasarian, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, at bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT. Ito ay hindi mahalaga ayon sa gulang, kabuuang buwanang kita ng pamilya, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa Filipino, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo.

22. Sa pag-uugnay sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro at ang kanilang profayl, ito ay mahalaga ayon sa

kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon. Ito ay hindi mahalaga ayon sa gulang, kasarian, hanapbuhay ng mga magulang, at mga gadyet na ginagamit sa bahay.

23. Ang median na iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino ay tinasa sa 86 na may MAD na tatlong puntos.

24. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot ang kanilang pananaw sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino, ito ay mahalaga ayon sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino.

25. Sa pag-uugnay sa sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya ng mga paaralan, ito ay mahalaga ayon sa pamununo, kurikulum, at kapaligiran. Ito ay hindi mahalaga ayon sa imprastruktura.

Mga Konklusyon

Ang sumusunod ay ang mga konklusyon na hango sa kinalabasan ng pag-aaral na ito:

1. Ang mga gurong tagasagot ay relatibong mga bata pa na halos nagkakapareho lang ang kanilang edad. Silay ay nasa kalagayan ng kanilang

mga taong gulang na may malakas na pangangatawan na kayan gampanan ang kanilang mga tungkulin. Sa karagdagan, karamihan sa mga gurong tagasagot ay mga babae na mas nakakarami ang mga babae ang sumasama sa pagtuturo bilang isang propesyon.

2. Ang mga guro ay may sapat na buwanang kita na kayang suportahan ang mga pangangailangan ng bawat miyembro ng pamilya.

3. Hindi nakuntento ang mga gurong tagasagot bilang batsilyer sa edukasyon lamang subalit sila ay nagpatuloy sa pag-aaral sa gradwadong paaralan para sa kanilang propesyonal na pag-unlad at mapataas ang kanilang pedagogy sa pagtuturo.

4. Ang mga guro ay may sapat na bilang ng taon sa pagtuturo upang mapataas ang antas ng kanilang pagtuturo.

5. Ang mga gurong tagasagot ay may sapat na pagsasanay sa Filipino na magpapataas ng antas ng kanilang pagtuturo bilang isa sa mga programa ng Kagawaran ng Edukasyon.

6. Ang mga guro ay may lubhang kapaki-pakinabang dito sa pagpapataas ng kalidad ng kanilang pagtuturo.

7. Ang computer/laptop/desktop ang kadalasan nagagamit ng mga gurong tagasagot sa pagtuturo sa Filipino na maaaring ipinamahagi ng kagawaran o kaya personal nilang pag-aari.

8. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay nasa tamang edad para sa lebel ng kanilang pag-aaral. Ibig sabihin dito na sila ay may kahandaan para sa mga leksyon na kanilang pag-aaral.

9. Ang mga pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot ay may medyo

mataas na kabuuang buwang kita na sapat upang matutusan ang mga pangangailang ng bawat miyembro ng pamilya.

10. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay mga literado. Ibig sabihin sila ay may kakayahang makabasa, makapagsulat, at makaintindi ng simpleng mensahe kalakip ang kaalaman sa pagtuos ng simpleng matimatika.

11. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay may regular na hanapbuhay na siyang pinagkukunan ng kanilang pangsuporta sa bawat miyembro ng pamilya.

12. May mga gamit pansulat na nasa bahay kung kayat maaaring linanging ang kanilang kakayahan sa pagsulat.

13. May mga gadyet pa rin na nagagamit ang mga mag-aaral na tagasagot kahit papaano. Ang komon na gadget na nabibili at available para sa kanila.

14. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay may mataas na pananaw sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon na makakatulong sa kanilang pag-aaral.

15. Ang mga gurong tagasagot ay may kaaya-ayang kakayahan sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon na kinatigan naman ng mga mag-aaral na tagasagot.

16. Bagamat magkapareho ang adjectibal na pagtataya ng dalawang grupo, sa numerikal lumalabas na mas mataas ang pagsusuri ng mga guro sa kanilang kahandaan sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino kaysa mga mag-aaral bilang tagapagpatupad nito.

17. Sa profayl ng mga guro, ang kasarian kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo sa Filipino, salingkurang pagsasanay sa ICT, saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo ang napatunayan na may kaugnayan sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino kaysa sa mga guro. Ang ibang profayl ay walang kinalaman dito.

18. Sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon lamang ang napatunayan na may kinalaman sa pananaw ng mga mag-aaral sa antas ng kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino ng mga guro. Ang ibang profayl ay walang kinalaman dito.

19. Mas mataas ang pagtataya ng mga guro sa kanilang pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ayon sa pamumuno, kurikulum, at imprastrukura kaysa sa mga mag-aaral bilang tagapagpatupad nito. Subalit ay nagkapareho sa kapaligiran na ibig sabihin na ang pananaw ng mga guro ay kinatigan ng mga mag-aaral.

20. Sa profayl ng mga guro, ang kasarian, kabuuang buwanang kita ng pamilya, mataas na edukasyong natamo, bilang ng taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng mga salingkurang pagsasanay sa ICT, at panteknolohiyang gamit sa pagtuturo lamang ang napatunayang may kaugnayan sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga.

Ang ibang profayl ay walang kinalaman dito.

21. Sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, ang kabuuang buwang kita, sanligang edukasyon ng magulang, mga kagamitang panteknolohiyang gamit sa bahay, at saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ang napatunayan na may kaugnayan sa antas ng pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga ng mga guro. Ang ibang profayl ay walang kinalaman dito.

22. Ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kakayahan sa pagsulat sa Filipino.

23. Sa pag-uugnay sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino at ang kanilang profayl, ito ay mahalaga ayon sa saloobin hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon. Ito ay hindi mahalaga ayon sa gulang, kasarian, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, mga kagamitang pansulat sa bahay, at mga gadyet na ginagamit sa bahay.

24. Ang lahat ng lawak sa antas ng kahandaan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino ay may kaugnayan sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino.

25. Sa antas pagpapaunlad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan, ang pamumuno, kurikulum, at kapaligiran ang napatunayang may kaugnayan sa antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino.

Ang imprastruktura ay walang kaugnayan dito.

Mga Rekomendasyon

Mula sa mga konklusyon na nahango sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay itinatagubilin:

1. Dahil napatunayan na ang antas sa kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon ay may positibong kaugnayan sa akademikong performans ng mga mag-aara sa pagsulat sa Filipino, ito ay dapat pataasin.

2. Maliban sa imprastruktura, ang ibang lawak sa pagpapatupad sa integrasyon ng teknolohiya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar ay may positibong kaugnayan sa antas ng akademikong performance ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino, ito ay linangin upang mapataas ang antas upang mas lalong makatulong sa mag-aaral.

3. Sa pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon sa lawak ng imprastruktura ay dapat idebelop din upang makatulong sa pagpapaunlad ng akademikong performance ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng silid aralan na kaaya-aya sa pag-aaral ng mga bata.

4. Ipataas din ng mga guro ang antas ng kanilang kahandaan sa integrasyon ng teknolohiya sa instruksyon na makikita ng mga mag-aaral upang sa pananaw nila ay maging kapareho sa pananaw ng mga guro.

5. Isang pasubaybay na pag-aaral ang maaaring isagawa.

Kabanata 6

INTERBENSYONG PROGRAMA

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng interbensyong programa batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral na ito. Sa katiyakan, tinalakay sa bahaging ito ang panimula, layunin, tampok ng programa, istrategiya ng implementasyon, pagsusuri at pagsubaybay.

Panimula

Ang mabilis na pag-unlad ng Information and Communication Technology (ICT) ay naging daan sa pagbabago sa istruktura ng pagtuturo sa makabagong panahon. Ang integrasyon ng ICT sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay inaasahang magpapaunlad sa kawilihan sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa kakayahan ng mga guro sa pagtataya sa kognitibong pag-unlad. Ang integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ay pagtutulungan ng mga proseso at kagamitang pan-teknolohiya tungo sa papaunlad na mga pangangailangan ng mga mag-aaral at mga guro sa edukasyon (Qurat-ul-Ain et al., 2019).

Ang teknolohiya ay binubuo ng mga ICT na kagamitan kabilang ang mga programa, sistema, at mga oportunidad na makasagap ng internet na maaaring magamit sa pagtuturo at pagkatuto. Ang mga teknolohiyang karaniwang ginagamit ay ang PowerPoint, Internet, at web-based na mga aplikasyon, tablets, iPads, o mga mobile devises, sosyal midya, virtual classrooms, at game-based applications na gamit sa pagtuturo. Ang mga kagamitang panteknolohiya ay ginagamit sa edukasyon bilang pagpapayaman sa mga nakagawiang instruksiyonal materyal sa klasrum, pagpapaayos ng paglilipat ng instruksyon sa

mga mag-aaral mula sa mga guro, at pagtataya ng pang-akademikong performans ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, ang mga guro ay gumagamit ng teknolohiya upang paunlarin ang pagtuturo ng nilalaman ng kurikulum (Nueva, 2019).

Subalit, ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay hindi madali at puno ng mga hamon dahil sa limitadong polisiya ng pamahalaan para sa pagpapatupad at kakulangan sa suportang pedagolohiya sa mga guro. Ang pagpapatupad ng integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan ay nakabatay sa komplikadong katangian ng teknolohiyang gagamitin at sa kawilihan ng mga kawani ng paaralan na matutunan ang mga teknolohiya. Ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas ay nakakaranas ng hindi pagkakapantay-pantay sa paggamit o integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto. Ang sitwasyong ito ay dulot ng mga suliranin sa hindi pantay na pribilehiyo at kakayahan ng mga paaralan dahil sa kakulangan ng imprastruktura sa teknolohiya at ang kakaibang pangangailangan ng mga guro at mag-aaral na gagamit ng mga teknolohiya (Aldonate & Nussbaum, 2013).

Ang kasanayan sa pagsulat ay isa sa mga mahahalagang kasanayan sa wika. Ito ay isa sa mga kasanayang nagpapaunlad sa komunikasyon at higit na nagbibigay liwanag sa iba pang mga kasanayang pang-wika. Ang kasanayang ito ay saksi sa pag-usad ng mga kagamitang gamit sa paglinang nito. Ang mga unang panahon ay gumamit ng manu-manong pagsusulat ng mga manuskrito ang ilang manunulat kagaya ng mga ginawa ng mga Sumerian sa mga unang kabihasnan. Sa panahon ngayon, gumagamit na rin ng makabagong teknolohiya ang mga manunulat kagaya ng computer. Kung kaya, ito ay patunay na makabuluhan ang teknolohiya sa kasanayan sa pagsusulat. Kaugnay nito,

maaaring linangin ang kasanayan sa pagsusulat gamit ang mga kagamitang pang-teknolohiya sa pamamagitan ng integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo kagaya ng paggamit ng computer at mga aplikasyon sa internet (Victoria, 2023).

Nilayon ng mananaliksik na alamin ang maaaring kaugnayan sa pagitan ng integrasyon ng teknolohiya at paglinang ng kakayahan sa pagsulat ng Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang sa mga baybaying paaralan ng Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar. Napag-alaman sa pag-aaral na ito na may kahandaan ang mga guro sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at pagpapaunlad ng tradisyunal na pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino batay sa kanilang pananaw mismo at sa mga mag-aaral. Napag-alaman ding “palaging” ipinapatupad ng mga guro ang integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa pamununo, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran.

Samantala, sa pananaw ng mga mag-aaral, “parating” ipinapatupad ng mga guro ang integrasyon ng teknolohiya sa mga paaralan sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, ayon sa pamununo, kurikulum, imprastruktura, at kapaligiran. Sa huli, mayroong mataas na antas ng kakayahan sa pagsusulat sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa kanilang iskor sa isang pasulat na pagsusulit sa Filipino.

Kaugnay ng mga nabanggit na kinalabasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang dalawang interbensyong materyal para sa mga guro at mga mag-aaral. Ang interbensyong materyal para sa mga guro ay tutuon sa isang salingkurang pagsasanay hinggil sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral. Ang ikalawang interbensyong materyal ay

hinggil sa pagpapaunlad sa antas nga kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral.

Layunin

Ang interbensyong ito ay naglalayong tugunan ang mga sumusunod na layunin:

1. Paunlarin ang antas ng kahandaan at pagpapatupad sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino ng mga guro sa pamamagitan ng mga salingkurang pagsasanay sa integrasyon ng teknolohiya.
2. Paunlarin ang antas ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang sa pamamagitan ng mga gawaing pasulat.
3. Isagawa ang iba't ibang mga tiyak na gawain sa salingkurang pagsasanay sa mga paaralang elementarya sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar.
4. Hikayatin ang pamunuan ng Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar na isagawa ang mga salingkurang pagsasanay sa mga guro at ipatupad ang mga gawaing pasulat sa Filipino para sa mga mag-aaral.

Tampok ng Programa

Ang Pagsasanay sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Filipino at ang mga Gawaing Pasulat sa Filipino para sa mga Mag-aaral ay interbensyong materyal na magbibigay ng pagkakataon sa mga guro at mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang antas ng kahandaan at pagpapatupad, at antas ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino. Ang mga interbensyong ito ay binubuo ng mga gawaing itinakda upang magsilbing patnubay sa mga guro at mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng kanilang antas ng kahandaan at

pagpapatupad sa integrasyon ng teknolohiya sa Filipino at antas ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino.

Istratehiya ng Implementasyon

Ang implementasyon o pagpapatupad sa Pagsasanay sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Filipino at ang mga Gawaing Pasulat sa Filipino para sa mga Mag-aaral ay hahatiin sa tatlong yugto. Ang unang yugto ay ang paghahanda ng mga tiyak na gawaing tutugon sa mga nakapaloob na detalyadong instruksyon sa pagsasagawa ng isang salingkurang pagsasanay sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino at mga gawaing pasulat sa Filipino para sa mga mag-aaral. Sa yugtong ito, ang mananaliksik ay magsasagawa ng isang pagpupulong sa pamamagitan ng isang School Learning Action Cell (SLAC) session sa mga kapwa guro sa Filipino sa ikalawang baitang sa Distrito ng Zumarraga, Sangay ng Samar, upang maipamahagi ang detalye ng isasagawang salingkurang pagsasanay. Magsasagawa rin ang guro ng mga paunang pagtataya sa kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral.

Ang pangalawang yugto ay ang aktwal na pagsasagawa ng salingkurang pagsasanay sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa Filipino at mga gawaing pasulat sa Filipino para sa mga mag-aaral mula sa unang markahan hanggang sa huling markahan sa isang tiyak na panuruang taon. Ang huling yugto ay ang ebalwasyon sa bisa ng isasagawang salingkurang pagsasanay at mga gawaing pasulat sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng isang aksyon riserts na isasagawa mismo ng mananaliksik.

**PAGSASANAY SA INTEGRASYON NG TEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO NG
FILIPINO SA IKALAWANG BAITANG NG MGA GURO SA FILIPINO
NG DISTRITO NG ZUMARRAGA, SANGAY NG SAMAR**

Pampurok na Pagsasanay

Lucas Wharf, Lungsod ng Catbalogan

Agosto 2024

Tema: *Pagpapa-unlad ng Kakayahan sa Pagtuturo ng Teknolohiya tungo sa
Pinalakas na Wikang Filipino at Dunong ng Kabataang Pinoy*

Programa ng Pagsasanay

8:00AM-:30AM	Pagpupugay sa Pagdating ng mga Kalahok sa Salingkurang Pagsasanay at Pagpapatala
8:30AM-9:00AM	Pambungad na Programa
<i>Panalangin</i>	(Video Presentation)
<i>Pambansang Awit</i>	(Video Presentation)
<i>Panunumpa sa Watawat</i>	(Video Presentation)
<i>Himno ng Kagawaran ng Edikasyon</i>	(Video Presentation)
<i>Pagkilala sa Bawat Kalahok ng Salingkurang Pagsasanay</i>	_____ <i>Mananaliksik</i>
<i>Paunang Pagsasalita</i>	PRUDENSIA D. PAUSAL <i>Mananaliksik</i>

9:00PM-10:00AM	“Istruktura at Gamit ng mga Teknolohiyang Angkop sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Mag-aaral sa Ikalawang Baitang” (Pagtalakay at Presentasyon ng Iba’t Ibang Gamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Wika) <i>By Education Program Specialist, DepEd, Samar</i>
10:00AM-11:00AM	“Paggawa ng Banghay Aralin na may Integrasyon ng Teknolohiya sa Nilalaman ng Tatalakaying Materyal” (Pagsasagawa ng may Patnubay ng Tagapagsalita hinggil sa Nasabing Paksa) <i>By Education Program Specialist, DepEd, Samar</i>
11:00AM-12:00aM	“Pagsagawa ng Disenyo ng Kurikulum sa Filipino na Kontekstwal sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Wika” (Pagtalakay ng Tagapagsalita at Presentasyon ng mga Iba’t Ibang Disenyo ng Kurikulum na may Integrasyon ng Teknolohiya) <i>By Education Program Specialist, DepEd, Samar</i>
1:00PM-2:00PM	<i>Pagsasagawa ng mga Banghay Aralin sa Filipino na may Integrasyon ng Teknolohiya at Pagtuturong Pan-Demonstrasyon</i>
2:00PM-3:00PM	Pagpapakita ng mga Awtput at Pagkritiko sa mga Ito



Republic of the Philippines
Department of Education
Region VIII
Schools Division of Samar
Schools District of Zumarraga
Zumarraga, Samar

ACTIVITY MATRIX FOR ZUMARRAGA DISTRICT

Pagpapa-unlad ng Kakayahan sa Pagtuturo ng Teknolohiya tungo sa Pinalakas na Wikang Filipino at Dunong ng Kabataang Pinoy

Oras	Unang Araw – Agosto 9, 2024
8:00 – 9:00	(Registration) Pagbubukas ng Prorama
9:00 – 10:00	Istruktura at Gamit ng mga Teknolohiyang Angkop sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Mag-aaral sa Ikalawang Baitang” (Pagtalakay at Presentasyon ng Iba’t Ibang Gamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Wika) <i>By Education Program Specialist, DepEd, Samar</i>
10:00 – 11:00	“Paggawa ng Banghay Aralin na may Integrasyon ng Teknolohiya sa Nilalaman ng Tatalakaying Materyal” (Pagsasagawa ng may Patnubay ng Tagapagsalita hinggil sa Nasabing Paksa) <i>By Education Program Specialist, DepEd, Samar</i>
11:00- 12:00	“Pagsagawa ng Disenyo ng Kurikulum sa Filipino na Kontekstwal sa Integrasyon ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Wika” (Pagtalakay ng Tagapagsalita at Presentasyon ng mga Iba’t Ibang Disenyo ng Kurikulum na may Integrasyon ng Teknolohiya) <i>By Education Program Specialist, DepEd, Samar</i>
12:00 – 1:00	TANGHALIAN
